# APOCALIPSIS, IKALIMANG KABANATA BAHAGI II

. . . makabalik sa tabernakulo ngayong umaga, at iulat ang mabuting balita mula sa buong palibot, kung papaanong ang Panginoong Diyos ay naging mabuti sa amin.

2 Noong nakaraang Linggo habang sinasaysay ang pangitain, at karamihan sa inyo ang narito (tungkol dun sa serpiyente na pinatay sa gitna): ang pangitain na 'yun ay nangyari nang salita-sa-salita sa loob lang ng dalawampu't apat na oras matapos na sabihin 'yun dito sa entablado. Maluwalhati nga ang pamamaraan ng paggawa rito ng Panginoon. Ni kailanman ay di pa ako nakakita ng isa nito na nabigo sa . . . sa buong buhay ko, at ako po'y limampu't dalawang taong gulang na. Ganap na ganap mismo, salita-sa-salita ang pamamaraan na nangyari ito. At naging mas maigi ang pakiramdam ko, higit na mas maigi.

3 At ngayon 'yun 'yung buong bagay na ipinapangusap ko, na binabanggit ko tungkol dun sa paratang. O, hindi po pala paratang, haya't sila'y tapat ang puso, na mga kalalakihang may takot sa Diyos, na ang pagmiministeryo ko'y medyo naging sobre- . . . masyadong sobrenatural ang dating sa kanila, at nagsimula silang isipin na ako ang Panginoong Jesus, at 'yun nga'y nagbun- . . . nagsimula ang isang munting doktrina tungkol dun. Pero bigla namang natigil agad. Salamat sa Panginoon para dun!

4 At noong maialis ko ang aking sarili mula roon at ipinaubaya sa Panginoon ang bagay na 'yun at itinagubilin sa Panginoon, dagli-dagli 'yung natapos, na sa loob ng dalawampu't apat na oras ay ganap na natapos na 'yun. Nagdulot 'yun sa akin ng kaunting pagkanerbiyos at di gaanong magandang pakiramdam, pero ako nga'y makakaalpas dun paunti-unti rin. Mangyari nga na nakakagulat 'yun sa akin, pero ako naman ay maayos ang pakiramdam at mainam.

5 At marami tayong dakilang pananagumpay ngayong sanlinggo, na nais kong mag-ulat ng ilang bagay.

6 Ngayon, kung nakinig lamang ako sa sinabi ng Panginoon sa akin, hindi sana 'yun uusbong. Apat na taon ang nakararaan ay sinabi Niya sa akin. At ang maybahay ko na nariyan, sa likod ng mga tagapakinig dito kung saan ngayon, at ang anak kong lalaki'y nakaupo . . . nandito sa entablado kani-kanina lang, at marami pang iba na narinig na akong sinasabi ito nang paulit-ulit, "Panghuling beses ko na ito na magkakaroon ng espirituwal na pagkilala na 'yan." Kita n'yo? Bumunsod 'yun sa

punto. . . Sinisikap ko na makapamuhay nang talagang malapit sa Diyos at, sa paggawa nun, heto't nagbubunsod 'yun ng isang bagay na para bang ang mga tao'y napapasok sa kung anong pamamaluktot na anupa't di na nila malaman kung ano pang iisipin nila.

7 At pagkatapos, heto rin 'yung kaso sa buwis natin, wala nga sana ni isang salita man ang patungkol dun kung nakinig lamang ako sa Panginoon. Laging nangyayari 'yun kapag ako'y. . . Kung saan di ko Siya sinusunod ay doon nga ako laging nasusuot sa gulo. Kung nakinig lamang ako nang maigi at lumakad kasama Siya!

8 At pagkatapos bumubunsod sa. . . Ang pagmiministeryo'y sobrang sobrenatural na kung minsan heto't ako'y. . . Natatakot ako na baka lumampas ako sa kabilang linya. Pero, ngayon, ayaw ko. . . o gusto kong. . . ang bawat isa'y, masalo ito nang tama, na hindi ko ibig sabihin ay lalayo ako, na lalayo ako sa Panginoon, kundi ayaw ko nang magpakita nitong alinman na sobrenatural, kita n'yo, kagaya nung mga espirituwal na pagkilala at—at mga bagay na katulad nun.

9 Ngayon, ang Panginoon ay talagang mabiyaya sa atin sa panahon na ito; pinatayo Niya si Kapatid na Neville, na may pagpropropesiya; mayroon siyang mga kasama tulad nina Kapatid na Higginbotham at marami pang iba na mga kapatiran dito na ganap mismong. . . sa pamamagitan ng mga espirituwal na kaloob sa iglesya, ay nagpapamalas ng mga himala.

10 At sige't hayaan n'yo lang akong magbigay ng patotoo sa inyo. May isang Kapatid na babaing Opal Weaver, di ko alam kung nandito ba siya kasama natin sa simbahan ngayong umaga o hindi. Nandito ka ba, Kapatid na Opal? Baka di ko lang—di ko lang siya makita. Oh, buweno, mga ilang taon na ang nakararaan ay naghihingalo siya sa kanser, at 'yung kanser ay naroon sa mga pambabaing glandula't umakyat sa kanyang mga bato. At tinaningan nila siya nang isang gabi na lang para mabuhay, bumagsak nang husto ang kalagayan niya. At nagtungo ako't ipinanalangin siya, at may pangitain na dumating, at siya'y ganap mismong pinagaling. At 'yun po'y halos labing-limang taon na ang nakararaan. Siya'y dumadalo kasama natin nang maraming-maraming taon.

11 Noong isang araw ay dumating siya sa kaso na siya'y may. . . nagkaroon siya ng malubhang sakit sa lalamunan at nagsimulang magdugo mula sa kanyang lalamunan. Iminungkahi roon na magpakonsulta siya agad sa doktor. (At noong panahon na 'yun ay nasa Canada ako.) At tinawagan niya si Kapatid na Neville, at nagtungo si Kapatid na Neville at isinama si Kapatid na Higginbotham. Sa palagay ko wala rito si Kapatid na Higginbotham, marahil wala siya, sa umagang ito. Si Kapatid na Rupert Higginbotham ay isa sa mga dati nating

katiwala, isang mainam na kapatid. Nandito ba siya? Haya't nagtungo sila't ipinanalangin ang babae, at noong ipanalangin nila ang babae. . . Nagdurugo nga ang babae na 'yun noong sandali na 'yun, hindi ko alam kung gaanong katagal, mga ilang araw marahil, dalawa o tatlong araw, at siya'y sumusuka nang sumusuka mismo ng dugo. At ipinanalangin siya ni Kapatid na Neville at di na siya kailanman sumuka ni isang patak ng dugo. Ganoon nga.

12 At pagkatapos mayroon siyang dalawang bukol, pamimintog o anuman 'yun sa ngalangala, parang paltos o kung ano na nakabitin sa ngalangala niya; malalaking bukol, tila ba. At hindi nga siya nagkaroon ng anumang kaginhawaan mula sa mga 'yun, at ang mga 'yun. . . Sabi niya, "Yung mga 'yun ay halos kasing laki ng hickory nut." At naroon 'yun sa kanyang bibig nang—nang medyo matagal-tagal na, mga ilang araw na. At si Kapatid na Higginbotham. . . Mangyari po na di ko lang mabigkas nang maigi ang Aleman na pangalan na 'yun, Kapatid na Rupert, ipagpaumanhin mo ako dahil diyan. Pero hayan na nga, ako. . . At marahil masabi ko ito't hindi tama. O, hindi, sa paniniwala ko siya'y—siya'y may kaloob ng pagsasalita sa iba't ibang wika at pagpapaliwanag ng mga wika. At ipinatong niya ang kanyang kamay, noong mga sandaling 'yun, sa ibabaw ng mukha nung babae. At ang sabi nung babae, "Kapatid na Branham, hindi kahapon, hindi rin noong nakaraang gabi, pero agad-agad 'yung mga 'yun ay umalis" mula sa ngalangala niya. Agad-agad!

13 Pagkatapos dumating ang mga doktor, ineksamin ang kanyang lalamunan, at lahat, at ang sabi nila, "Kailangan niyang pumunta sa ospital dahil siya'y may kanser sa lalamunan."

14 Kaya aming. . . Dinala nila siya sa ospital. At di ko nga alam na naroon siya hanggang sa makita ko ang butihing pastor natin, si Kapatid na Neville, dito, at patungo ako noon sa ospital at binanggit niya sa akin na—na ang babae'y naroon. Kaya nagtungo ako para makita ang babae, at ang asawang lalaki nito'y nakaupo roon. At lima, apat o lima, na doktor ang pumasok at nagsuri nun, iniiling-iling nila ang kanilang ulo, sabi, "Ito, talaga, ay kanser, virusing na kanser, ito'y kanser."

15 Pagkatapos pumasok ang intern at siya'y kumuha ng—ng specimen mula roon. Sabi niya, "Yan, walang pagdududa, ito'y kanser."

16 Tapos sabi ko, "Pero, kapatid na babae, kung pinagaling ka na ng Diyos minsan mula sa kanser. . . hayaan mo nga kung anuman ito. Marahil ang mga kalalakihang 'yun ay tama. Sila'y—sila'y pinagsanay na mga kalalakihan sa larangan na 'yun na masasabi kung iyon ba'y kanser o mukha lang kanser o kung anuman 'yun. Haya't. . . Pinagsanay sila na mga kalalakihan para sa layunin na 'yun. At mukha nga 'yung kanser

kaya sinasabi nila na kanser ’yun.” At sabi ko, “Marahil ganoon na nga.”

17 Pero ayaw niyang maniwala na kanser ’yun. Kaya, sabi ko, “Pero kung nagagawa—nagagawa ng Diyos na tugunin ang panalangin na ’yun noon na pahintuin ang pagdurugo; magagawa rin ng Diyos na tugunin ang panalangin, na alisin ang malalaking bagay na ’yun mula sa iyong bibig. Hayaan mo mismo kung anuman ’yan, hindi ba’t mapahihinto rin ito ng Diyos diyan mismo?”

18 Sabi niya, “Amen!” At ’yung asawa niyang lalaki’y nakaupo roon. At sabi niya, “Diyan nga ako nananangan ngayon mismo, na pahihintuin ito ng Diyos.”

19 At ipinanalangin ko siya. At kumuha sila ng mga specimen para suriin ’yun, at bumalik na “negatibo” yamang sinabi nilang lahat na *kanser* ’yun. Kita n’yo?

20 Kaya hayan nga, mga kaibigan, na Siya ay Diyos at Siya’y tumutugon sa panalangin. At ikinagagalak natin nang lubos na Siya’y bumibisita sa atin dito sa munti’t mababang tabernakulo na ito. Hindi nga ito kagandahan kung titingnan, hayan ang maliliit na mga lumang tabla na pinagtagpi-tagpi rito, maraming taon na ang nakararaan, para maging silungan sa ibabaw ng ating ulo, o isang bubong sa ibabaw ng ating ulo, ang ibig kong sabihin, laban sa mga ulan at pagniniyebe at iba pa. Pero sa kabila n’yan maraming tao ang nabubuhay mapasa hanggang ngayon dahil sa pagsisikap na ito, at dahil diyan ay lubos ang pasasalamat natin.

21 Nagpapasalamat tayo para sa ating mga katiwala. Nagpapasalamat tayo para sa ating mga diyakono. Nagpapasalamat tayo para sa ating kongregasyon. At tayo’y nagpapasalamat para sa ating pastor. Nagpapasalamat tayo para sa bawat kaloob na Kanyang ipinagkaloob sa iglesya. At idinadalangin natin na Siya’y magkakaloob sa mga kalalakihan na ito ng kaunawaan, na hindi sila magagawi sa maling panig bagkus ay mananatili mismo sa gitna ng daan sa pamamagitan Nito. Na di kailanman ipagmamataas o kung ano; dahil sa tuwing gagawin n’yo ’yan, tapos na kayo doon mismo, kita n’yo. Manatili lamang na mapagpakumbaba kasama Ito.

22 At tingnan n’yo, ngayon, ang mga tao noon na dumadalo rito, na mga may sakit at nagdadalamhati, na ipapanalangin habang ako’y nagpapahinga noon nang marahil isang taon o dalawa, mangyari nga na ang Diyos ay naglaan ng daan para maasikaso sila habang ako’y nagpapahinga. Kita n’yo? Oh, hindi ba’t kapasa-pasalamat ito? Dapat lamang. . .Hindi ba’t dapat nating pasalamatan ’yan? Di kailanman pinababayaan ng Diyos na Siya’y walang saksi, at kaya tayo’y lubos na masaya para riyan.

23 Ngayon, itong kasunod na sanlinggo, loobin ng Panginoon, plano kong dalhin ang maliliit kong anak na babae na katatapos lang ng kanilang pagi-eskuwela't may munting bakasyon sila sa paaralan, kaya dalangin ko na ipanalangin n'yo kami. Ang panganay kong anak na babae, sa hayskul, gusto niyang makita 'yung ruta na dinaanan ni Paul Revere noon sa hatinggabi niyang pangangabayo, doon sa simbahan mismo roon na pinanggalingan niya. At kami. . . Nandito 'yun sa New England at nais naming puntahan at para makita 'yun.

24 Tapos, noon pa man ay gustung-gusto ko nang makita ang Old Ironsides. Ilan na rito ang napakinggan na 'yung *Old Ironsides* na tula? Yun 'yung paborito ko sa lahat ng nalalaman ko; labas sa sangka-Cristianuhan, 'yun 'yung pinaka mainam. Ako nga'y. . . Sinimulan ko ngang basahin 'yun at naantig ako't naupo, nagpalakad-lakad, bumalik. Papaano n'yo nga 'yun palulubugin matapos na. . . Para nga 'yung kukunin mo ang isang kabayo at papatayin ito matapos na magtrabaho ito para sa ikabubuhay mo at ng pamilya mo. Hindi ko mismo—hindi ko mismo makita kung paano. "Heto't wawakasan ko siya!" Huwag, huwag n'yong gawin 'yan. Yamang 'yung mga bala ng kanyon ng mga Briton ay tumama lang sa gilid nito at tumalbog lang sa lumang tagiliran nito na gawa sa encina, hindi ko—hindi ko nga makita na dadalhin n'yo 'yun at palulubugin ito.

> Ibigay siya sa mga bathala ng bagyo,
> Ng kidlat at ng unos!

Gustung-gusto ko 'yun.

25 At pagkatapos nais din naming puntahan, haya't di po kami inimbitahan ni G. Kennedy, pero nais naming makita 'yung White House habang nandun kami. Sila. . . Ako po'y nakapunta na roon nang maraming beses na pero gusto itong makita ng mga bata. Pagkatapos uuwi't babalik na kami, loobin ng Panginoon. Kaya ipanalangin n'yo po kami.

26 At ipinapanalangin natin ang lahat ng mga mahal natin sa buhay dito na nagbabakasyon, marami sa kanila ang bumibiyahe-biyahe sa iba't ibang lugar. At marami sa kanila ang bumibiyahe na ngayong umaga, doon sa Kentucky at Tennessee at iba't ibang lugar. Kaya ipinapanalangin natin sila.

27 Ngayon, mayroon pang ibang bagay na nais kong ianunsyo. Oh, siyanga't, ang gawain para sa pagbabautismo ay agad-agad pagkatapos ng gawaing ito. At pagkatapos—pagkatapos sa palagay ko may dedikasyon para sa mga bata, binabanggit ito sa akin ng kapatid na lalaki, may dedikasyon daw para sa mga bata. At marami pang bagay na kailangan nating alala-. . . Ano po 'yun? [Isang kapatid na lalaki ang tinatanong si Kapatid na Branham tungkol sa panggabing gawain—Pat.] Buweno, sa palagay ko parang di ko kukunin ang dalawang gawain. Kita mo, ako 'yung sa isa at si Kapatid na Neville naman dun sa isa. At

di ko kayang. . .Hindi kasi. . .Heto't dalawa naman kami rito, kaya bakit papagurin ang isa sa amin? Hindi po ba, Kapatid na Neville? Ganoon nga mismo.

28 At, heto rin, nabanggit sa akin ni Doc na alala-. . .sabihin sa inyo na huwag n'yong kalimutan, 'yung mga pangako n'yo na ibibigay-kaloob sa tabernakulo, para—para ang simbahan. . . haya't iniisip na nila na itayo na ito sa lalong madaling panahon na makalikom sila ng sapat na ilalaan para sa simbahan.

29 At kaya akin—akin nang. . .Parang may nakalimutan pa yata ako, 'yung nabanggit mo sa akin tungkol dun, 'yung dedikasyon pala ng mga bata. Hayun nga 'yun. At gaganapin natin 'yan agad-agad pagkatapos na pagkatapos ng gawain na ito ngayon.

30 Ngayon, ito po'y ipapanalangin, ang mga damit, sa palagay ko? Sige, po. Gagawin natin 'yan na sama-sama, at pagkatapos. . .

31 Ngayon, bago tayo dumako sa Salita. . .Ilan po ang nagagalak sa Salita? Oh, grabe, namumuhay sa ibabaw ng bundok! Napansin n'yo, nakikita n'yo—nakikita n'yo mula noong nakaraang Linggo kung ano ang halaga nun na gawin sa pamamaraan ng Diyos. Kita n'yo? Noong makita ko ang espiritu na 'yan na pumasok sa mga kalugud-lugod na mga kapatiran na 'yun, wala ngang paraan para iwaksi 'yan ng natural na tao. Kaya ang tanging bagay na kinailangan nating gawin ay itinagubilin ito o ipinasa-Panginoon, at kaunting oras lang ay natapos na itong lahat.

32 Ngayon, pastor (at ako po'y hahayo), bilang iyong katulungang kasama mo rito sa gawain ng Panginoon, at gaya ng sinasabi ni Pablo, "Pinagbibilinan kita sa harap ng Diyos at mga hinirang na anghel," kita mo. At para sa iglesya rito, may ganap na halimbawa kung ano ang gagawin kung may isang tao na nawala sa pagkakaayos sa iglesya. Kita n'yo?

33 Ngayon, kung may bagay na umusbong sa iglesya na hindi tama, kung ganoon ay ibunsod ang indibiduwal, na nakakaalam na hindi 'yun tama, na puntahan ang taong 'yun. At kung ang tao na 'yun ay di maibalik sa wasto; ang kasunod na gagawin ay magdala ng saksi at magpunta, o marahil isa o dalawang saksi, at puntahan ang taong ito para maibalik sila sa wasto o 'yung bagay na 'yun ay maituwid. Ngayon, pakinggan n'yong maigi! Ngayon, tineteyp din ito, siyanga. At mangyari nga kung di 'yun umuubra. . .

34 Huwag na huwag n'yong hayaan na may kaunting ismo, o kung anong munting bagay na iba, na isang munting masamang pagdadamdam ang umusbong mula sa kalagitnaan n'yo. Iwaksi n'yo 'yun agad-agad! Mangyaring isang munting ano 'yan. . .Yung munting asong-soro ang nagpapasama sa mga ubas, alam n'yo. Kaya iwaglit n'yo 'yun! Anumang munting

kakatwang pagdaramdam, pumunta ka at sabihin mo sa taong ’yun. Sabihin, “Ako’y—ako’y nagkamali. Ako’y—ako’y nakakaramdam nang hindi tama sa’yo, o kung ano. Tulungan mo ako na ipanalangin ito, nang sa gayon ay uminam ang pakiramdam ko.” Dahil, ayaw natin ng anupamang ibang bagay kundi dalisay mismo’t, hindi nahaluang, Espiritu Santo ng Diyos sa kalagitnaan natin. Yan ’yung tanging bagay na nais natin. Pagkatapos ang mga kaloob at mga bagay-bagay ay kikilos nang tama’t lahat at lalabas na tama.

35 Bakit kayo magnanais ng kalahating iglesya kung maaari namang buo? Bakit kayo tatanggap ng isang pamalit samantalang ang buong alapaap ay puno ng bagay na totoong-totoo? Kita n’yo? Ayaw natin ng ganoon. Kaya kung may kakatwang pakiramdam na lilitaw sa kalagitnaan n’yo na mga miyembro, sa isa’t isa, puntahan n’yo ’yung tao na ’yun.

Sasabihin n’yo, “Buweno, siya naman ang nakagawa ng . . . ”

36 Siyanga’t . . . ’yan . . . Ngayon, alalahanin n’yo, hindi “kung mayroon kang kamalian o pagkakasala laban sa isang kapatid,” bagkus “Kung may isang kapatid na may bagay laban sa *iyo*.” Kita n’yo? Puntahan n’yo siya at magkasundo, sabihin n’yo sa kanya na ikaw—na ikaw ay may kakatwang pakiramdam sa kanya at nais mong makipagkaibigan, at manalangin at lumuhod sa altar at iwaksi ang bagay na ’yan sa kalagitnaan n’yo.

37 Ngayon, walang humpay na susuntukin ka ni Satanas hanggang sa matapos ka na rito sa lupa. Alalahanin n’yo mismo ’yan. Walang oras na hindi tuluy-tuloy ang ganoong panununtok, dahil kayo nga’y nasa isang pakikibaka. Hiniling mo ba na lumapit kay Cristo, na piknik ang pupuntahan n’yo? Buweno, ikagugulat n’yo pihado, dahil ito’y walang humpay na pakikibaka. Ako’y nasa larangan na nang tatlumpu’t isang taon, at nakikibaka ako sa bawat pulgadang tahak. Ganoon nga. Kinailangang makipagbaka ng Israel noon sa bawat pulgada na tinahak nito. Sila—sila . . . Ibinigay sa kanila ang Palestina, pero kinailangan nilang makipagbaka sa bawat pulgada na tinatahak para makuha ito.

38 Ngayon, tandaan n’yo ito ngayon, na kung . . . Mangyari nga na kung may bagay na susulpot sa iglesya, mangyaring ang pastor . . . at kung kailangan n’yo—kung kailangan n’yong isama ang pastor, na dadalhin siya sa tao na ’yun. Pagkatapos nga kung di nila ’yun pakinggan, kung ganoon nga’y idulog n’yo sa harap ng iglesya at saysayin ito sa harap ng iglesya. Bigyan n’yo sila nang ganoon kahabang panahon para maibalik sa wasto, marahil mula sa isang Linggo hanggang sa kasunod. At kung di nila pakikinggan ang iglesya, kung ganoon ang sabi ng Biblia “Ituring sila na isang pagano’t isang publikano.”

39 Mangyari nga, kita n’yo, na basta’t protektado sila ng iglesya, hindi sila masasaling ni Satanas. Pero kung

pakakawalan sila ng iglesya mula sa ilalim ng proteksyon ng iglesya't ng Dugo ni Cristo, kung ganoon nga'y dadako sa kanila si Satanas at kikilos. Yun nga'y magdadala sa kanila pabalik sa wasto uli. Kita n'yo? Iyong—iyong nauunawaan 'yun, hindi ba, pastor? Siyanga, po.

40 Haya't isang bagay 'yan na kailangang alalahanin sa tuwina na gawin, ang maibalik sa wasto, dumulog sa Diyos at gawin ito sa paraan ng Diyos. Mayroon tayong . . .

41 Ano ang pinatutunayan n'yan sa atin? Dalawa o tatlo sa ating kapatiran ang nakakaalam na pinagpagalan ko 'yung isa na 'yun nang dalawa o tatlong taon. Siyanga. Pero noong dumako ako sa punto na tinuturing ko silang kalalakihan, at sadyang naiibig ko ang mga kalalakihan na 'yun nang sapat na di sila pababayaan na magkaganoon. At nagdala ako ng mga saksi pero hindi umubra. Kaya kinailangan kong dalhin ang usapin sa iglesya. At pagkatapos mula sa entablado noong nakaraang Linggo, ang sabi ko, "Ayaw ko nang marinig ito nang isang beses pa. Malaya na ako rito. Aking ipinasa-Diyos na ito, kita n'yo, at itinagubilin 'yun pabalik sa Kanya."

42 At agad-agad na ipinakitang ang mga taong 'yun ay tinawag. Ito . . . Ngayon, kung hindi kasi, sa pagdako nila roon sa pagtutuwid batay sa Kasulatan . . . At kung ang isang tao'y hindi matagalan ang pagtutuwid batay sa Kasulatan, na siya'y nagagalit nang husto't sumasambulat, ipinapakita lang n'yan na hindi siya wasto sa Diyos. Siyanga! Pero ang isang tunay na banal ng Diyos ay maipapanumbalik sa kawastuhan sa Diyos sa pamamagitan ng Salita. Ganoon nga. At ang Salita ang nagtutuwid na daan. Ang mga kapatirang 'yun ay dapat lamang na magpasalamat nang lubos sa Diyos dahil . . .

43 Kita n'yo, sinabi ng Biblia na "Lilitaw ang mga huwad na kristo sa huling mga araw at dadayain ang pinaka hirang kung maaari." Pero hindi nga maaari. Hindi, nga. Ang mga Hirang ay pauna nang itinalaga, kaya hindi sila madadaya, kita n'yo.

44 Kaya naman dali-dali ang mga kapatid na 'yun . . . Nagtungo sila roon sa bahay noong sumunod na araw, kita n'yo, na anupa't mayroon sila't ibinigay sa akin na kanilang Kasulatan. At pagkatapos kinondena ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng Kasulatan ang lahat ng sinasabi nila. Nakita n'yo? Kaya hayun nga ito, nakita nila, umuwi ang grupo ng mga hirang na ito na nasa Presensya ng Diyos. Ibinubunsod nga nito na magpasalamat ako para sa mga tao na tulad n'yan. Siyanga, po. Mga tunay na kalalakihan ang mga ito.

45 Kapag nakikita n'yo ang isang tao na mali, at napatunayang mali, kung ganoon ipinapakita n'yan na nais niyang maging isang Cristiano, siya'y lalakad at magsasabi, "Ako'y mali." Yan —'yan nga'y tunay na Cristiano.

46 Pero ’yung tao na sasambulat na lang, at tatakbo dun sa kabilang panig at magsasabi, “Aw, wala ngang anuman Yan,” at parang ganito; magbantay kayo, kapatid, makikita n’yo mismo roon na napadpad siya tungo sa kahatulan dahil hindi siya sa atin. Pero sa tuwina, pastor, bumaling kayo roon sa Salita na ’yun at ibubunsod Nito ito sa bawat pagkakataon. Pero kinakailangan n’yong manatili mismo sa Salita.

47 Yan ang dahilan na sa pagpunta ko, ngayon, ako nga. . . wala nang espirituwal na pagkilala sa—sa Estados Unidos, hindi ko rin naman intensyon, na ganoon sa nalalabi ko pang buhay, haya’t doon na lamang sa ibayong-dagat at sa mga pagmimisyon sa labas ng bansa at iba pa. Hayan nga’t, bilang isang kaloob, bilang isang propetikong kaloob, ’yun nga’y mananatili roon sa tuwina, pero itatago ko ’yun sa sarili ko at kung kailan lang dahil ito’y. . . tayo’y—tayo’y atrasado na ngayon sa panahon na ito pa’y. . . ito’y magpapatuloy. Masyadong malapit na tayo sa kawakasan ng panahon. Pero sa mga dako ng pagmimisyon sa ibang bansa ito nga’y isa o dalawang kaso na lang sa ibabaw ng entablado at, kapatid, ang ibig ko ngang sabihin ay tapos na.

48 Tapos mayroon tayong mga karnal na panggagaya Nito. Oh, naku! Kahabag-habag. Tingnan n’yo, nais kong. . . Ilan pong Pentecostal ang nandito? Itaas n’yo ang inyong kamay. Buweno. Tingnan n’yo, kayo na mga Pentecostal, ilang taon ang nakararaan ang Diyos ay tunay na bumaba sa inyo at nagsimula kayong magsalita ng iba’t ibang wika. Ganoon nga. Pero anong ginawa ng diyablo? Sumulpot siya’t nagbigay ng karnal na panggagaya nun. Gumawa siya ng kung anong bagay na hindi tama, ibinunsod ang mga tao na makapagsalita ng iba’t ibang wika, at pinagsasalita sila ng partikular na mga salita’t mga bagay-bagay na magbubunsod sa kanila na magsalita sa iba’t ibang wika, at kung ano pa; haya’t samantalang ang lalaki’y nakikisama sa asawang babae ng ibang lalaki, at lahat na ng uri ng kung anu-anong bagay, at lahat na ng klase, ang ilan sa kanila’y umiinom pa ng alak, naninigarilyo, at lahat na’t, nagsasalita ng iba’t ibang wika sa kabila n’yan. Anong dahilan at ginawa niya ’yan? Upang patunugin ’yung tunay na trumpeta ng di-tiyak na tunog sa mga tao. Kaya naman sino ang makapaghahanda para sa digmaan? Kita n’yo?

49 Pagkatapos nung nalantad ito. . . Ngayon, may mga tao tayo sa mga tagapakinig. . . Mayroon diyang isa sa. . . pinuntahan ako roon sa Canada kahit na ’yung. . . Aba’t, dinakip siya ng mga ahente’t dahil sa pagiging homoseksuwal. Kita n’yo? Sabi niya, “Aba’t, binigyan ako ng Diyos ng kaloob ng espirituwal na pagkilala.” Sabi, “Hallelujah, kamit ko. . . ” Sabi, “Ngayon, sinabi sa akin ng Panginoon na may isa rito na nagngangalang ‘John. . . ’”

50 Mayroon tayo rito na isang munting babae isang umaga, bumalik doon, kung naalala n'yo, bumalik doon at ang sabi niya, "Pinagkalooban ako ng Panginoon ng ganoon ding kaloob."

Tapos sabi ko, "Buweno?"

Sabi niya, "Kung may pagkakataon lang sana ako para mapatunayan ito."

Sabi ko, "Hayan ang entablado."

51 At nakita n'yo naman kung anong nangyari; ganap na sikolohiyang pang-masa lang, kita n'yo. Pero haya't noong makita n'yo, lumapit doon si Kapatid na babaing Snyder, at sinabi ng babae sa kanya na siya'y may "artritis," 'yun—'yun—'yun ang bumuko nun. Noong si Kapatid na babaing Snyder . . .

52 Tapos ang sabi ko, "Hindi 'yun ang suliranin ng babaing ito." Sabi ko, "Natumba siya noon at nabali ang kanyang balakang." Tapos sabi ko, "Ni hindi nga siya nakatayo roon . . . " Mangyari nga na hindi 'yun narinig nang maigi ni Kapatid na babaing Snyder, at sabi nung babae . . . At ang mayroon nga siya, sa pagkakaalala ko, ay bukol sa kanyang tiyan o kung anong suliranin na tulad nun. Sabi ko, "Yun nga 'yun; nakaupo siya rito na sinasabi sa kapatid ang tungkol dun nang buong sandali na 'yun." Kita n'yo?

53 Pero 'yun nga'y—'yun nga'y para ipakita na ang iglesya, kita n'yo, na 'yun ay karnal na panggagaya, kita n'yo. At ano ang ibinubunsod nun? Ibinubunsod nun ang tunay na trumpeta . . .

54 Ngayon, noong nasa Canada ako dinakip nila ang lalaking ito na nagtungo roon. At ang sabi (doon mismo sa kalagitnaan ng grupo ng mga Norwegian), at ang sabi niya, "Sinasabi sa akin ng Panginoon na mayroon dito . . . " isang madla 'yun na halos sampung beses ang laki rito, "mayroon dito na ang pangalan ay 'John,' siguro'y 'Johannes,' 'Johann.'" Sabi, "Dito sa banda rito, sa palagay ko." Sabi niya, "Hindi," sabi, "dito pala sa banda rito kung saan"; siyempre't, ibinilang niya ang buong . . . Sa isang Norwegian na bansa? At ang lahat naman dun ay may . . . Siyamnapung porsiyento nila'y mga Peterson, mga Carlson, John, Johannes, at, aba, tunay nga. Kita n'yo, siya'y siguradong . . . Mayroon ay mayroon nga roon kung saan. Tapos, "Sinasabi sa akin ng Panginoon na mayroon ditong may sakit sa likod, nararamdaman ko kasi na sumasakit ang likod ko." Sinumang pinalaki sa Kasulatan ay nalalaman na 'yun ay sikolohiya. Yun . . . Tunay, na ganoon nga.

55 Pero, kita n'yo, anong ibinunsod nun? (Pagkatapos 'yung lalaki'y inaresto doon mismo ng—ng FBI na mula rito, nagpadala sila roon at dinakip siya sa dakong 'yun, ng Royal Mounted Police.) At nilapitan ako ng ministeryal na asosasyon, at, "Isa ngang homoseksuwal," sabi tuloy nila, "naku't, si Kapatid na Branham ay marahil ganoon din. Ganoon din

kasi ang pamamaraan, kita n'yo." Ano tuloy ang ibinunsod nun? Binibigyan ang trumpeta ng di-tiyak na tunog. Kita n'yo? Ganoon nga mismo. Ganoon lagi ang ibinubunsod nito, sumusubok na gumawa ng bagay na gaya nun para magbigay ng di-tiyak na tunog. Yun nga'y gawa ni Satanas na gawin 'yun.

56 Pero, ngayon, huwag na huwag kayong iiba mula sa Salita na 'yun. Alalahanin n'yo, binibilinan ko kayo sa harap ng Diyos: *Manatili kayo sa Salita na 'yun*! Huwag na huwag kayong iiba mula Rito. At kung ang mga bagay na ganyan na sumusulpot sa gitna ng mga tao, talagang may tunay rin sa tuwing mayroon kayong huwad. Kung may—kung may pekeng dolyar, ipinapakita lang n'yan na may totoong dolyar na pinaggayahan. Kapag makaririnig kayo ng isang ipokritong nagsasalita sa iba't ibang wika, na hindi n'yo masabi na may Espiritu Santo siya. Pero, alalahanin n'yo, kanyang ginagaya lamang ang tunay na artikulo na may kaloob mismo ng pagsasalita sa iba't ibang wika. Kapag nakakakita kayo nung mga huwad, alalahanin n'yo, ginaya ang mga 'yun mula sa tunay. Ang Diyos ang pinagmulan ng lahat ng mabubuting bagay, pero ginagaya mismo ni Satanas ang mga kaloob na ito. Buweno, kung dadako ako riyan, hindi tayo makakadako sa aralin natin, di po ba?

57 [Sinasabi ni Kapatid na Ben Bryant, "Kapatid na Branham, paumanhin lang po pansumandali?"—Pat.]

Sige, kapatid.

["Kung maaari po? Wala ako rito noong nakaraang Linggo, at nabalitaan ko nang kaunti 'yung bagay na ipinapangusap mo mga ilang buwan na ang nakararaan, at nabalisa ako nang husto tungkol dito, nang kaunti, at naramdaman ko na lumapit at sabihin sa iyo ang tungkol dito at sabihin kay Kapatid na Neville. Pero naramdaman ko rin na kilala n'yo ang maybahay ko at napagpasyahan na ipanalangin. At nitong umaga sa pagpasok ko rito sa tabernakulo, hindi ko alam kung ano ang mga kaganapan, at isa sa mga kalugud-lugod na kapatid ang lumapit sa akin nitong umaga at hiniling sa akin na patawarin siya. At sa palagay ko'y mala-Cristong Espiritu 'yun."]

Amen.

["At sa palagay ko'y sadyang kapuri-puri ang kapatid sa bagay na 'yun."]

Siyanga, po.

["Hiniling niya sa akin na patawarin siya, dahil sinusubukan niya noong . . . kanyang—kanyang sinusubukan na dalhin ang doktrina na 'yun sa akin."]

Oo.

["At di ko 'yun tinatanggap. At hiniling niya sa akin na patawarin siya nitong umaga, at pinatawad ko nga siya sa Pangalan ni Jesus."]

58 Amen. Salamat, Kapatid na Ben Bryant. Ngayon, 'yun—'yun nga'y sadyang . . . Ikinagagalak ko na sinabi mo 'yan, Kapatid na Ben. Kita n'yo, dahil 'yung mga kalalakihan na 'yun sa lahat ng dako'y nanunumbalik. Ngayon, 'yan nga'y tunay na pagka-Cristiano. Yan nga ang Cristianismo na kumikilos. Kapag kayo'y mali, puntahan n'yo at aminin n'yo na mali kayo. Kita n'yo? Tumayo kayo at sabihin, "Mali ako, kita mo, patawarin mo ako."

59 Ngayon, ang isang tao na sinisikap na itago 'yun, kung ganoon talagang may bagay siya na tinatago. Hindi, po dapat, parang 'yung aking . . . Parang 'yung isang doktor dito na . . . Kita n'yo, hindi maaari . . . Siya . . . Hindi ko sasabihin na nasa kanya, pero, hayan nga, may munti siyang bagay na nais gawin, alam n'yo. Tapos sabi ko, "Oh, hindi, Dok, hindi mo puwedeng suhulan ang Diyos." Sabi ko, "Kailangan mong ilatag 'yun dito nang hayagan." Ganoon nga, kailangan na katulad nun mismo. Hayan nga't, ang lalaki'y ganap na inosente sa pagsusubok na gumawa ng anumang mali. Iniisip lang niya—iniisip lang niya na mabuting paraan 'yun na kukunin 'yun sa ganoong pamamaraan. At hindi naman sumusubuok na gumawa ng masama, sinisikap nga niyang gumawa ng tama. Haya't ang nais lamang niya'y . . . Sabi niya, "Ako . . . " May naisip siyang paraan na magagawa niya 'yun, na ibubunsod niya ang isang tao na gumawa ng isang naturang bagay na magbubunsod sa tao na 'yun na maimpluwensiyahan dito. Hindi po ganoon ang pamamaraan. Kailangan diretsahan. Kita n'yo? Manatili kayo mismo sa Salita, at pagkatapos matatamo n'yo 'yun. Manatili kayo mismo sa Salita! Pinagpala siya ng Diyos at nagpangyari ng dakilang bagay sa kanya. Siyanga, po.

60 Buweno, iyuko na natin ang ating mga ulo ngayon para sa pananalangin. Ilan po ang nais na maalaala sa panalangin? Alam ko na may isang ginang dito na nakaupo sa silyang de gulong ang tunay na nais maalaala, tiwala ako. At sa kapatid na babae rito, sa lahat, tinitingnan ko ang buong paligid. Ngayon, isantabi natin ang lahat ngayon at pumasok tayo sa pagsamba. Yan ang dahilan at nandito tayo, sa mga susunod na tatlumpu't lima, apatnapung minuto, nang pagsamba.

61 Ngayon, Panginoon, habang tinataimtim po namin ang aming sarili sa harapan Mo, nararamdaman ang aming dakilang Josue, ang Espiritu Santo, aming Makalangit na Tagapanguna ng panahon na ito . . . kung papaano ngang pinatahimik ni Josue ang mga tao sa harap ni Moises at nagsabi, "Tayo'y higit sa may kakayahan na kunin ang lupain." Dahil siya'y nakatingin, hindi sa mga Amalecita o Amorrheo, bagkus siya'y nakatingin sa Makalangit na pangako na ibinigay na ng Diyos.

62 At sa panahon na ito ng kaguluhan at sa kalagayan na ito na kinasasadlakan ng mundo, at sa magandang umaga ng sabbath na ito, ay amin pong pinatataimtim ang aming mga sarili sa harapan Mo, at sinasaysay sa gitna ng lahat ng

panggagaya, ng mga karnal na panunulad, sa presensya ng lahat ng masasama't naligaw na mga espiritu, ay ganoon na lamang na makatutuon kami sa Salita ng Diyos at masasabi na kami'y higit pa sa mananagumpay! Sinabi ng Diyos na Siya'y magkakaroon ng isang Iglesya na walang bahid ni kulubot man Dito, at alam namin na makikita namin ang Iglesya na 'yan balang araw. At kami'y nagpapagal bilang mga kabahagi, na naniniwalang kami'y mga kabahagi ng dakilang ipinanganak-na-muling kongregasyon ng Diyos at ng Iglesya sa ibabaw ng lupa sa panahon na ito, haya't taimtim kaming dumudulog sa Diyos sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

63 At sa aming pagdulog nang may pagpapakumbaba, hinihiling po namin na Iyong isantabi mula sa aming pag-iisip at aming puso ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan, lahat ng mga kabigatan ng buhay at mga pag-aalala, at nang sa gayon Ikaw, Oh Diyos, ay ilagay kami sa kalagayan ng pagsamba, para aming masamba Ka sa pamamagitan ng pakikinig sa Iyong Salita.

64 Ngayon, gaya ni Juan, sa aralin namin sa umagang ito, ay labis na umiyak dahil walang sinuman ang karapat-dapat na kunin ang Aklat, at sa aming mga puso ay makatatangis kami sa umagang ito, Panginoon, dahil walang sinuman ang karapat-dapat na buksan ang Aklat na ito. Pero kung paano nga na ang pag-iyak ni Juan ay sa kaunting panahon lang, dali-dali siyang inaliw at dumating ang Cordero at kinuha ang Aklat; Oh Cordero ng Diyos, sa umagang ito, pumarito Ka at kunin ang Aklat at buksan po Ito sa amin, Panginoon. Kami po'y naghihintay sa Iyo. Sa aming kakulangan ay hinihintay namin na . . . Iyo pong punuan kami ng Iyong Presensya at ng Iyong Salita.

65 Maraming mga kamay ang nakataas sa Iyo, Oh Cordero ng Diyos. Batid po namin na nakikilala Mo ang bawat puso, dahil nalalaman Mo ang kanilang mga intensyon. At Ikaw po'y talagang Diyos ngayon kung papaano Ka noon. At Ikaw sa tuwina'y magiging ganoon pa rin, dahil Ikaw ay sakdal at walang hangganan at hindi Ka nagbabago. At hinihiling namin sa umagang ito na Iyong punuan kami, ang hiling ng bawat isa. Iyo pong ipagkaloob, Panginoon, na silang lahat ay mapunuan sa pag-alis nila sa gusali na ito, na sila'y manggaling sa Presensya ng Diyos at aalis na kamit ang mithi ng kanilang mga puso. Panginoon, huwag Mo pong kalimutan na ibilang din ako, siyanga. Sapagkat hinihiling ko ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

66 Ngayon, bumuklat tayo sa ating mabiyayang Aklat, na inaasam na buksan ng Cordero ang mga tatak, o buksan ang Aklat sa atin. Sige't bumuklat na tayo ngayon, tayo'y nasa ika-5 kabanata na ng Aklat ng *Ang Apocalipsis ni Jesus Cristo*.

67 Ngayon, at sa aking mga kaibigan sa lahat ng iba't ibang dako ng mundo na mapapakinggan ito sa pamamagitan ng

magnetikong teyp, dito po'y marahil maglahad ako ng mga doktrina't marami pang iba para gawin ito. At sinumang tao na walang doktrina ay walang pagmiministeryo. Kaya kung sa tingin n'yo ay di dapat mapakinggan ng kongregasyon n'yo ang teyp na ito, kung ganoon ay itago n'yo ito mula sa kanila. Pero akin lang inilalahad ang sarili kong opinyon at sarili kong nadarama, sarili kong kapahayagan patungkol sa Salita ng Diyos.

68 Ngayon, mga ilang buwan ang nakararaan ay binalikan natin at binigay ang pinagbatayan ng. . .o mga ilang araw ang nakararaan, ang ibig kong sabihin, dinakuan natin at binigay ang pinagbatayang tagpo ng ika-4 na kabanata, ang ika-3 kabanata hanggang ika-4. At ngayon, nitong nakaraang Linggo, binigay naman natin ang pinagbatayang tagpo ng ika-4 na kabanata hanggang ika-5. At ngayon, sa araw na ito, nais nating ibigay ang pinagbatayang tagpo ng ika-5 at maglalatag ng pundasyon para sa parating na ika-6.

69 At ngayon ang layunin ko ay ilatag sa kaayusan ang Mga Kasulatan, dahil marahil sa hinaharap, hindi ko lang alam kung kailan, pero kung ang Panginoon ay maglaan, balang araw na magtatakda ng pitong-araw na pagtitipon sa tabernakulo para sa paksa na *Ang Pitong Tatak*. Tinalakay na natin ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya, ngayon ay maglalaan tayo ng pitong gabi para sa pitong mahiwagang tatak ng Diyos, magbubukas ng isang tatak bawat gabi hanggang sa makarating sa Pitong Tatak. Ngayon, hindi ko alam kung kailan 'yan ilalaan ng Panginoon, pero, kung maglaan Siya, heto't maglalatag lang ako ng pambungad na tagpo nito sa umagang ito.

70 At sa pagtungo sa huling mga talata nitong kasu-. . .bahagi rito, o bahagi ng Kasulatan, tatalakayin natin *Ang Pitumpung Sanlinggo Ni Daniel*. At ang huling tatlong linggo, idudugtong 'yung sa Pentecostal na Jubileo na magdadala sa mga tao tungo sa hu-. . .sa huling mga tatak, at pagkatapos uupong handa para sa Cordero na bubuksan ang mga tatak.

71 At, alalahanin n'yo, ang mga tatak ay isang mahiwagang bagay. Ang Aklat ay natatatakan at doon sa likod, may pitong tatak na hindi nahayag sa Aklat. Ang mga bagay na ito'y hindi man lang nakasulat sa Biblia. Pero, kung may magbibigay ng interpretasyon nito, kinakailangan na tutugma mismo sa lahat ng iba pang bahagi ng Biblia. At, oh, sigurado po ako na makakakuha kayo ng pagpapala mula rito, o sa palagay ko ay makatatanggap kayo. Umaasa ako na makatatanggap kayo.

72 Halos kasusuot ko lang ng amerikana ko noong magtungo ako rito ngayong umaga't maliwanag na, dahil ito'y sadyang. . . Nakaupo ako roon, nagbabasa, at talagang binabaha nang binabaha ako ng Espiritu Santo ng Kanyang kabutihan. At ako. . .Nung makita ko 'yun, sa isip-isip ko, "Oh, kung

magagawa ko lang na isaysay ’yun doon gaya ng paraan na Iyong ibinigay ito sa akin dito, talagang magtatamasa kami ng maluwalhating panahon.” Pero, mangyari nga, na kapag haharap ka na sa mga tao, hayan nga na parang hindi ganoon ang dating gaya ng kung ikaw ay mag-isa lang sa pananalangin, o kung ano pang iba.

73 Pero, ngayon, bilang panimula sa unang mga talata, nasumpungan natin. . . Ngayon, para sa pambungad na tagpo kung saan tayo huminto noong nakaraang Linggo, makikita natin dito na si Pablo, doon sa Mga Taga-Efeso 1:13 at 14, sinasabi sa atin dun na tayo’y. . . taglay ang patotoo ng ating kaligtasan, ang patotoo ng ating pagkatubos. Dahil ang Espiritu Santo ang patotoo ng ating pagkatubos. At itong . . . Ang susunod na ilang linggo ng pagtuturo ay ibabatay lahat sa pagkatubos, kita n’yo, sa pakatubos, hindi sa pag-aaring ganap. Hindi. . . Ito’y nakabatay sa katubusan; hindi sa—sa pamamagitan na katungkulan ng pamamagitan, kundi sa *tinubos*. Oh, isang pamana na nawala o nawaglit at tinubos ’yun muli pabalik sa atin, at kung paano ’yun nangyari at kung papaanong pinlano ito ng Diyos bago pa magkaroon ng mundo, at kung gaanong katatag na ang Iglesya’y nakaangkla.

74 Sa palagay ko’y dumating na sa punto na panahon na na kailangan nating malaman kung paano tayo nakatayo. Paano kayo makagagawa ng anumang bagay maliban kung may pananampalataya kayo sa inyong ginagawa? Kinakailangan n’yong magkamit ng pananampalataya. At ’yan ang layunin ko ng paggawa nito sa iglesya rito, ay ang mabigyan ang mga mananampalataya ng pananampalataya at ng kompiyansa sa bagay na kanilang tinatayuan, dahil ito ang Salita ng Panginoon. Kaya naman hangga’t sa buong Kasulatan ay may kapangyarihang inilagay ito mula Genesis hanggang Apocalipsis, nang pabalik at patungo, at pataas at pababa, na walang paraan ang diyablo na kumilos dun sa kung saan man, kung ganoon kamit n’yo ang ganap na kompiyansa, kita n’yo, batid n’yo kung saan kayo nakatayo.

75 Katulad nga rito sa ating kapatid na babae sa silyang de gulong, o marahil sa iba pa na may sakit at nagdadalamhati. Kung makakamit n’yo ang sakdal na pang-unawa na “ito’y minagaling na pasya ng Diyos na paigihin kayo,” walang sapat na mga diyablo sa bansa ang makakapanatili na kayo’y may sakit. Kita n’yo? Ganoon nga, kapag napag-uunawa n’yo na ito’y minagaling na kapasyahan ng Diyos na pagalingin kayo, na Kanyang ginawa na ito para sa inyo, haya’t mauunawaan n’yo kung papaanong tutungo kayo para gawin ang isang naturang bagay.

76 Parang ganito po. Kung sasabihin ko sa inyo nang buong puso ko. . . Kung nagugutom kayo at halos mamatay na sa gutom, at may sukdulang kompiyansa kayo sa akin bilang isang

tapat na tao, at sinabi ko sa inyo kung saan mayroong sanlibong dolyar na nakalagak, kung paano ito puntahan, anong daan ang dadaanan n'yo, saan ang eksaktong pupuntahan, at nauunawaan n'yo nang eksakto kung saan nakalagak ang pera. Kita n'yo? Haya't doon mismo'y magagalak kayo, na parang nakuha n'yo na mismo ang pera, kung naniniwala kayo sa akin.

77 Kaya, kita n'yo, bago pa kayo. . . makaramdam ng anumang kakaiba o anong bagay na iba, kayo'y magagalak na mismo sa inyong kagalingan sa pagsasabi n'yo na "nakamit ko na ito," dahil positibo kayo na siguradong nakamit n'yo ito, dahil may kompiyansa kayo sa Isa na 'yun na nangako nito sa inyo. Kita n'yo? Kita n'yo? Ang inyong—inyong kompiyansa'y hindi Siya maaaring magsinungaling, at sinabi na Niya sa inyo nang eksakto kung saan 'yun nakalagak, at pagkatapos kayo'y—kayo'y may kompiyansa na mangyayari, na nakamit n'yo na ito, dahil 'yun 'yung pananampalataya n'yo na siyang katibayan ng inyong katubusan.

78 Sa madaling salita, sinisikap n'yo na matubos mula sa karamdaman, at ang pananampalataya n'yo ay 'yung substansya ng pinagpalang. . . o, ang ibig kong sabihin, 'yun ang katibayan ng inyong kagalingan. Hangga't may nagsasabi sa inyong puso, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa *iyo*," 'yun na 'yun mismo, 'yun ang buong kailangan n'yo. Haya't. . . Oh, maaari na kayong magsimulang magalak, kahit na ano ang mangyari. Kung hindi n'yo pa makamit, kahit lumubha pa kayo, kayo'y masaya pa rin kung papaano kayo sa una, na kayo'y ganap na magaling, dahil mayroon na kayong kasiguraduhan na tapos na 'yun. Ilan po ang nakakaunawa n'yan ngayon, patingin po ng inyong kamay. Hayan nga. "Yun ay patunay ng mga bagay na hindi nakikita."

79 Ngayon, nasumpungan natin na dito sa unang panimula ng kabanata, heto't nasumpungan natin na ang una-. . . ang ika-5 kabanata ay isang bloke na pinagtatalian mismo, ito'y—ito'y isang—isang diyamanteng buhol na dinudugtong ang huling bahagi ng kapanahunan ng Iglesya, ng ika-3 kabanata. Sinasabi ng ika-4 na kabanata na si Juan ay iniangat sa Langit. At ang ika-5 kabanata ay paghahanda para sa mga. . . Diyan sa pagtugaygay n'yo sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, tapos si Juan ay iniangat sa ika-4 na kabanata. At ang ika-5 kabanata, heto siyang inilalatag ang eksena para sa pagbubukas ng Pitong Tatak. Katulad ng ginawa niya sa unang kabanata ng Apocalipsis, na binubuksan ang daan para sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya (doon nga'y nakatayo si Jesus sa pitong kandelerong ginto, at Siya'y naroon na ang itsura'y bilang Jaspe at batong Sardio), at inihahanda Niya ang Pitong Kapanahunan na 'yun ng Iglesya.

80 Ngayon inihahanda Niya ang pagbubukas ng Pitong Tatak ng pagtutubos. Kita n'yo, 'yun 'yung ika-5 kabanata. Yan ang

dahilan kung bakit medyo binasa ko 'yan at pagkatapos ay nag-umpisa na mula roon, at ipinangusap ito at nagbigay ng ibang bahagi ng Kasulatan; dahil hindi talata sa talata, na may bagay na nangyayari, ito'y paghahanda para sa isang bagay na mangyayari. At kung maisasaayos n'yo ang paghahanda, kung ganoon ay . . . handa na kayo para rito. At ganoon nga ito sa pamamagitan ng pananampalataya o ng anupamang ibang bagay. Ngayon, ito, ang mga tatak . . .

81 May ilang Kasulatan ako't mga komentaryo at iba pa na naisulat dito. Ngayon, sa Mga Taga-Efeso 1:13-14, ating . . . kung nais n'yo pong ilista ito, na, "Taglay na natin ngayon ang katibayan. Ang Espiritu Santo ang katibayan ng ating mana." Sa madaling salita, Ito ang kasiguraduhan, ang *katibayan* ay ang "kasiguraduhan," ang "paunang bayad," na tinanggap na tayo kay Cristo. Ito'y pinagpalang pag-asa at kasiguraduhan na taglay na natin mismo ang Buhay na Walang Hanggan at mga tagapagmana na ng lahat ng mga bagay na Kanyang binili para sa atin. Oh, grabe! Nakikita n'yo ba ito?

82 Oh, kapag natatakan na tayo ng Espiritu Santo (inuulit-ulit ko ang pagsipi rito dahil ayaw kong mapalampas n'yo ito), ito ang selyo ng pag-apruba ng Diyos na ang lahat ng bagay na ikinamatay ni Cristo ay para sa atin. Ito ang Diyos na nagsasabi, "Aking tinatanggap kayo ngayon, at ibinibigay Ko sa inyo ang Tatak na ito na hinihintay n'yo na lamang ang oras na 'yun" na patungo sa ganap nating pagkatubos, at diyan nga'y bahagya na tayong natubos.

83 Gaya ng nabanggit ko na nitong isang Linggo, sa palagay ko nga, *dito* sa ibabang linya ay kung saan naroong nakasakay ang makasalanan: putik, dumi, dungis, lusak. Ngayon, siya . . . marahil siya'y malinis . . . naliligo kada apat na oras, marahil nananamit sila ng primera klaseng mga damit, marahil sila'y pulidong mga iskolar; pero kasingdumi't karungis ng nanggigitatang mga dingding sa impyerno, sa kanilang kaluluwa. Kita n'yo?

84 Ngayon, ang Cristiano'y nakasakay sa ibabaw nun, dahil siya'y may katibayan ng ating mana sa itaas *dito*. Siya'y kinuha paitaas, iniangat mula sa putik at dungis; pataas *dito*, at siya'y naroong nakasakay sa ibabaw nito. Oh, gustung-gusto ko 'yan! Gaya ng sinabi ni Paul Rader noong sandali na 'yun sa ibabaw ng troso, alam n'yo, sabi niya, "Ako'y nakasakay sa ibabaw nito! Ako'y nakasakay sa ibabaw nito!" Naroon nga ito ngayon:

> Pinagpalang katiyakan, si Jesus ang tangan!
> Oh, damang-dama ngayon pa lamang (Ako nga'y pinahintulutan na tumikim na mula sa Bukal.) ang Banal na kaluwalhatian!

Ako ngayo'y tagapagmana ng kaligtasan, ako'y binili na ng Diyos,
Sa Kanyang Espiritu ay isinilang at sa Kanyang Dugo ay hinugasan.

Hindi nakapagtataka ito ang kuwento ko, ito ang awit ko,
Inaawitan—na inaawitan Siya ng kapurihan sa buong magdamagan.

85 Kita n'yo, iniangat mula sa mga anino, mula sa putik, isa ngang paunang pagtikim! Kamit na natin ngayon ang katibayan ng kumpleto nating mana, dahil hinatak na ng Diyos ang mga ugat sa lupa mula sa mga bagay ng sanlibutan at itinanim na tayo sa matataas na dako; iniangat ako, pinagbagong-kaayusan ako, binago ako mula sa mga bagy ng sanlibutan; hinila ang mismong mga ugat, mga sanga, lahat na, at iniangat ako, mula sa lusak na putik, mula sa laong putik ng kasalanan; at itinanim ako sa ibabaw ng Burol ng Zion, na nakaupo na sa halamanan ng mga minamahal, na Mga Banal ng Diyos. At ngayon tayo'y mga mamamayan na sa Kaharian na 'yun, mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae kay Cristo Jesus, ang lahat ng karumihan at kulapol at nakapandidiring bagay ay wala na sa ating mga isipan. Ang ating tubig. . .mga katawan ay hinugasan na ng dalisay na tubig at ang ating mga puso'y winisikan na ng Dugo ng Panginoong Jesus, at ang Espiritu Santo'y namamalagi na ang Kanyang hangin ay umiihip sa ating mga sanga buong magdamag, na itinutulak tayo at inuuga tayo at ibinubunsod tayo na mag-ugat at tumubo nang mas malalim. Hindi ba't kamangha-mangha po? "Ang katibayan ng ating kaligtasan."

86 Ang nawaglit nating mana, inihahayag ng kabanatang ito. Ang nawaglit nating mana ay muling kinuha ng ating mapagbiyaya't, kalugud-lugod na Kamag-anak na Manunubos. Ganoon nga mismo na ang Diyos ay bumaba't napaging. . . binago Niya ang Kanyang porma mula sa pagka-Diyos at pinaging-tao, upang maging tao, para maging isang Kamag-anak na Manunubos ng tao, para tubusin pabalik ang isang natural na daigdig sa natural na mga tao. Amen! Kung paano na ang Diyos (ang Sobrenatural) ay napaging natural para maging isang Kamag-anak, dahil hindi Niya maaaring baliin ang Sarili Niyang mga batas. Kinailangan Niyang pumarito sa pamamagitan ng ka-. . .pagtutubos sa pamamagitan ng kamag-anak dahil 'yun ang paraan na Kanyang. . .'yun ang Kanyang plano. Sa ganoong paraan Niya ito isinakatuparan.

87 Haya't nalalaman ng Diyos na ang tao'y babagsak, gayong hindi Niya maaaring ibunsod ang tao na mahulog. Nalalaman ng Diyos na ang tao'y mapapahamak, gayong hindi Niya nais na may sinuman na mapahamak. Pero upang malayon na ang dakilang pagpapakita ng mga katangian ng Diyos ay mahayag sa lahat na tao, para Siya'y maging isang Manunubos, na

Siya'y maging isang Tagapagligtas, ang tao nga'y kinailangan na mahulog. Nasa tao ang mahulog, tapos nasa Diyos din na tubusin ang tao muli. Yan ang ka-. . .mayroon tayong panahon ng gabi, para ang panahon ng umaga'y tama. Kinailangan nating magkasakit, para magalak tayo sa kalusugan. Ang lahat, isang ayon at kontra. Ngayon, at ang ating Kamag-anak na Manunubos. . .

88 Ngayon, nais kong pansinin n'yo rito. Nakatingin ako ngayon dito sa ika-5 kabanata na ito, noong tumingin siya rito, "Huwag kang matakot!" Sa ika-5 talata nito, "Huwag kang matakot!" Kita n'yo, laging. . .Ayaw n'yong matakot sa anumang bagay.

> *. . .sa akin ay* sinabi *ng isa sa matatanda, Huwag kang umiyak: narito, ang Leon sa angkan ni Juda, ang Ugat ni David,* ay *nagtagumpay upang magbukas ng aklat, at alisin ang pitong tatak nito.*
>
> *. . .at, heto*, narito, *sa gitna. . .heto, nakita ko sa gitna ng luklukan at. . .apat na nilalang na buhay,. . .sa gitna ng matatanda, ang isang Cordero na nakatayo. . .*

89 "Isang Cordero." Bakit di niya nakita ang Cordero nung una? Ang Cordero'y nakaupo sa Luklukan ng Ama, sa loob ng—ng mga bantay. Si Juan ay di makakakita sa loob nun, ang nakita lang niya ay yaong apat-ang-ulo. . .o 'yung apat na nilalang na nakatayo roon, o 'yung apat na Kerubin na nakatayo roon na binabantayan ang Banal na Dako. At natalakay natin 'yun noong nakaraang Linggo, at doon sa iba pang mga aralin, na tumingin siya pero hindi niya makita kung ano ang naroon lampas nun. At doon, bigla-bigla na lang, doo'y nagpakita. . .nang sadyang mahiwaga, nang biglaan, naroon ang Isa, isang Cordero.

90 Ngayon, para ipakita na Ito'y hindi natural na nilalang, kordero, dahil kinuha Nito ang Aklat mula sa kanan Niya na nakaupo sa Luklukan; hindi 'yun kayang gawin ng kordero, kita n'yo. Siya'y—Siya'y—Siya'y isang Cordero, si Cristo. Sa madaling salita, sa Kanyang mga katangian Siya'y maamo at mabait gaya ng isang kordero.

91 Ngayon, pansinin n'yo, isa 'yung Cordero na Manunubos, isang Corderong Manunubos gaya nung una. Ang Diyos ay di kailanman nagbabago! Amen! Ang unang manunubos ay isang kordero, doon sa halamanan ng Eden, isa 'yung kordero na inalay ng Diyos. At heto 'yun uli, narito mismo sa Apocalipsis, ito'y isang Cordero muli. Para tubusin ang ano? Ang bagsak na kalagayan at ang naiwaglit na mana ng bumagsak na sangkatauhan. Isang Cordero ang bumalik para tumubos, gaya ng kamit natin sa pasimula, para tubusin tayo.

92 Para tubusin ang ano? Ano ang Kanyang tutubusin sa atin? Ang kalagan. . .dalhin ito sa. . .Anumang bagay na tinubos ay bagay na nawala. Isang bagay ito na nawala at ito'y ipinanumbalik muli. Ano ang Kanyang ibabalik sa atin, nitong

Cordero na ito? Lahat ng bagay na taglay natin noon sa pasimula.

93 Ano ba ang taglay natin noong pasimula? Buhay na Walang Hanggan. Tayo'y mga tagapagmana ng mundo. Taglay natin ang Buhay, di natin noon kailangang mamatay. Di natin kailangang magkasakit. Di natin kailangang tumanda. Wala tayong anumang pagkabahala. Kung saan walang paglilibing, walang libingan, walang masama, walang kamatayan, walang uban, walang hukot na balikat, walang pagdadalamhati, walang pagtangis. Taglay natin ang Buhay, na Walang Hanggan! Taglay natin ang hurisdiksyon sa buong lupa. Tayo'y isang diyos (ganoon mismo) sa ibabaw ng lupa; sa paglalakad natin, at kung ang isang puno rito'y hindi tama ang itsura sa pagkakatayo rito, sasabihin natin, "Ikaw ay mabunot at matanim sa dako rito," at gagawin nga nito. Kapag ang mga hangin ay umiihip, tapos ayaw natin ng pag-ihip ng mga hangin, "Pumayapa, tumahimik ka," at susunod nga 'yun. At ano ang ipinunta Niya para gawin? Para tubusin pabalik ang lahat ng 'yun sa atin muli (Oh, oh, oh, oh, oh, grabe!), ipanumbalik ang lahat na 'yun muli.

94 At ngayon ang kalikasan mismo'y dumadaing, na naghihintay para sa ano? Para sa mga kahayagan ng mga anak ng Diyos, na ang mga anak ng Diyos ay mahayag.

95 At taglay na natin ang katibayan ng ating kaligtasan ngayon, at magagawa natin sa isang kapatid na naghihingalo na dahil sa kanser, at tumayo roon na taglay ang munting hininga ng pagtutubos, at ipanalangin ang pananalangin na 'yun na may kalakip na pananampalataya na ibubunsod ang isang anino na lang ng isang tao na makapanumbalik sa pagiging malusog na tao muli; haya't ano kaya ang gagawin natin kapag ang buong pagmamay-ari natin ay dumating na? Amen!

96 Alam 'yan ng kalikasan. Ang kalikasan ay dumadaing at tayo'y dumadaing kasama nito. Hinihintay ng kalikasan ang mga kahayagan ng mga anak ng Diyos, dahil ang kalikasan ay nasumpa kasama ng panginoon nito. Noong ang panginoon nito'y nasumpa (na pinakamataas), ang kalikasan ay bumagsak kasama ng panginoon nito. Pero noong dumating ang Kamag-anak na Manunubos (Hallelujah!) at tinubos pabalik ang tao na siyang panginoon ng buong kalikasan. Kung ganoon hinihintay mismo ng buong kalikasan ang tao, na panginoon.

97 Anong ginagawa natin? Kumukuha tayo ng palakol at tangan-tangan 'yun ng ating mga kamay at sisibakin ang puno na 'yun kapag nais natin; pero sa araw na yaon ay di na natin 'yan gagawin. Amen!

98 Hinihintay ng buong kalikasan ang panginoon nito. At ang panginoon ay ang mga anak ng Diyos na sa kanya'y ibinigay ang lupa. Ngayon, sa Diyos nga ang Kanyang kalangitan, siyanga, pero ito'y ibinigay sa tao. At ang Kamag-anak

na Manunubos ay darating para tubusin pabalik ang ating nawaglit. Napakaganda! Grabe! Binubulay ko nga 'yan... "Isang Corderong Manunubos."

99 Kapag tapos na ang mga gawa, taglay na natin ang lahat ng mga bagay muli. Anong klaseng lahat na mga bagay? Taglay natin ang buong kapangyarihan. Taglay natin ang Buhay na Walang Hanggan. Taglay natin ang kalusugan na Walang Hanggan. Taglay natin ang pagiging kabataan na Walang Hanggan. Taglay natin ang kapangyarihan na Walang Hanggan. Oh, tayo'y Walang Hanggan nga kalakip ang Walang Hanggan! At, kung ganoon, hinihintay na lang natin ang panahon na 'yan na dumating, naghihintay at dumadaing, naghihintay.

100 At itong pitong-luping Aklat ng pitong pagtutubos na plano ay hinatid sa atin, at 'yun ang nilalaman ng Aklat na ito. Ngayon, dadako tayo sa ika-10 kabanata kung saan ang malakas na Anghel ay nagpahayag ng bagay na...at Siya'y may munting Aklat na kinailangan kainin ni Juan. At nung kainin niya, napunta 'yun sa kanyang tiyan at 'yun ay mapait, pero sa kanyang mga labi ay matamis ito.

101 Kapag kailangan n'yo nang lunukin Ito, doon nga'y nagiging mapait ito, ang lahat ay laban na sa'yo, sinasabi ng lahat "Isa kang holy-roller, ikaw ay *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*." Kita n'yo? "Ika'y—ika'y—ika'y wala na sa katinuan." Kaya mahirap Ito lunukin; pero kapag inyong pinatototoo ang Kanyang Kaluwalhatian, Ito'y matamis sa inyong mga labi. Ganoon mismo. Kita n'yo? At kapag tumatayo kayo sa isang pagtitipon, nasasabi n'yo, "Luwalhatiin ang Diyos! Halle-..." Oh, kapag sumusuong kayo sa malaking bakbakan na 'yun, mahirap nga; pero kapag umaahon kayo mula sa malaking bakbakan na 'yun ay mapapatotoo n'yo ito, kaya naman Ito'y matamis sa labi. Kita n'yo? Ganoon nga. Ganito nga itong Aklat ng katubusan.

102 Ngayon, ngayon, nais nating magbigay uli ng isa pang munting pagsasalarawan sa ika-5 talata rito, at pagkatapos magsisimula na tayo sa...dadako na tayo sa ika-6 na talata at mag-uumpisa na. Ngayon, nais kong pansinin n'yo sa plano ng pagtutubos kung papaanong paunang ipinakita na ito ng Diyos, Kanyang pinakilos ito nang ganap kina Ruth at Boaz. Ako...Doon tayo nagtapos noong nakaraang Linggo. Ngayon, nais kong magsimula diyan ngayon, sa araw na ito, kina Ruth at Boaz.

103 Ngayon, may apat na istasyon, o, apat na yugto kina Ruth at Boaz. Ang una ay si Ruth na *nagpapasya*. Ilan na ang nakapakinig...na aking ipinangaral ang mensaheng 'yun? Patingin po ng mga kamay n'yo. Alam ko...Buweno, lahat kayo, sa palagay ko. Nailagay ko 'yun dito, at nairekord 'yun sa mga teyp at iba pa. Si Ruth, una, kinailangan niyang *magpasya* kung siya ba'y patutungo sa lupain na ito, o hindi,

kasama si Naomi. Kinailangan niyang gumawa ng desisyon. Pagkatapos noong makarating na siya roon, ang kasunod na bagay na kinailangan niyang gawin ay *maglingkod* sa bukirin ni Boaz; sa dako roon, nang walang panyapak, namumulot sa likuran ng mga manggagapas, naglilingkod. At pagkatapos noong makasumpong siya ng kaluguran sa paningin ni Boaz, pagkatapos nga'y kinailangan niyang *maghintay* hanggang si Boaz ay matapos sa kanyang kamag-anakang pagtutubos, para maipanumbalik ang lahat ng nawaglit ni Naomi upang makuha si Ruth, na Moabita. At pagkatapos ang kasunod na yugto, ay—ay *ginantimpalaan* si Ruth.

Ngayon, masdan. Si Ruth, *na nagpapasya*, ganap mismo . . .

104 Oh, kung may sinuman na magsasabi "ang bahagi na 'yan ng Biblia'y hindi kinasihan," may kung anong bagay na mali sa kanila. Bawat Salita Nito ay kinasihan, bawat Salita Nito ay umaangkop mismo na lumalakip na parang lapat na lapat sa isang—sa isang—sa isang tabla. Talagang sukat na sukat ang pagkakalakip na parang 'yung mga ngipin sa isang malaking bilog na umiikot, na dinisenyo na para talagang titiyempo hanggang sa ika-milyong bahagi na segundo, na sadyang eksakto mismo.

105 Ngayon, pansinin n'yo ito ngayon, si Ruth, na *nagpapasya*, kinailangan siyang gumawa ng desisyon kung siya ba'y magpapasya na magtungo roon o hindi. Kinailangan niyang gumawa ng desisyon. Ngayon, ganoon ang pamamaraan na dapat gawin ng bawat mananampalataya. Kinakailangan n'yong iwan ang dati n'yong pinaglalagian, kinakailangan n'yong iwan ang dati n'yong buhay, kinakailangan n'yong iwan mismo ang mga dating—dating bagay sa sanlibutan.

106 Kapatid na Roy, si Kapatid na babaing Roberson ba ay may sakit? Oh, iniisip ko lang na marahil may sakit siya o kung ano. Sasabihin ko sana na dalhin n'yo siya rito kung siya ba'y nagkasakit o kung ano.

107 Kinailangan nilang iwan ang mga dating pinaglalagian sa buhay, o parang ganoon, at—at tatawid papasok sa bagong lupain, kasama ang mga bagong tao na hindi n'yo pa nakikilala kahit kailan. Yan ba ang ginawa n'yo, noong kayo'y maging isang Cristiano? Iniwan n'yo ang bilyaran, iniwan n'yo ang mga panggabing bahay-aliwan. Kinakailangan n'yong dumako sa isang grupo ng mga tao na animo'y may pangangatal, nanginginig sila't nangangatal at umiiyak, at iniiling-iling ang kanilang ulo at tumatalon-talon nang taas-baba, at, aba—aba, 'yun nga'y isang—'yun nga'y isang—isang—isang "grupo ng mga baliw" para sa iyo. Kaya kinailangan mong gumawa ng desisyon kung ikaw ba'y tutungo o hindi. Ganoon nga. At alam mo na na noong ginawa mo, 'yung mga sarili mong kasamahan noon ay lilibakin ka, 'yung mga taong iniwan mo. Tama ba? Kusa nga

’yun. Inyo ngang. . . dapat nilang asahan ’yun sa simula pa lang, dahil ganoon talaga ang mangyayari.

108 Ngayon, ganoon din ang dinanas ni Ruth. Ano kaya ang sasabihin ng mga taga-Moab kapag tatawid na siya’t magtungo sa Israel, patungo sa grupo na ’yun ng mga panatiko? Kita n’yo, kinailangan niyang gumawa ng desisyon. Kinailangan niyang magpasya. At kayo rin ay kailangang magpasya. At, sa huli, siya nga’y nagpasya, nagtungo siya roon sa—sa bagong lupain.

109 Ngayon, ’yan po’y pag-aaring ganap. Tama ba? Ngayon, masdan n’yo ang Iglesyang ito. Oh, ganap nga ito.

110 Alam n’yo kung paanong ating. . . Ilan sa inyo ang nakapakinig na sa *Ang Binhi ni Abraham* noong ipangaral ko ang tungkol dun? Kung papaano ’yung *pag-aaring ganap*, *pagpapaging banal*, *bautismo* ng Espiritu Santo. Ngayon, tingnan n’yo kung ’yun ba’y tama o hindi.

111 Si Ruth, buo ang kanyang *pagpapasya*, na isang tipo ng Iglesya, ng Iglesyang Gentil. Siya’y nagpasya, at tumawid patungo sa lupain. Ngayon, maraming beses, tayo na mga Methodist at mga Baptist, ’yan ’yung iniisip natin na ’yun lang ang dapat n’yong gawin. Nagpapasimula pa lang siya! Hindi pa siya nakakadako sa kung saan, nagtungo pa lang siya sa lupain.

112 Ngayon ang kasunod na bagay na kailangan niyang gawin, kinailangan niyang *magtrabaho*. Naging legalista siya. Kinailangan niyang “isagawa ang kanyang kaligtasan na may takot at panginginig” gaya ng ginawa n’yo. Nagtungo siya roon sa bukid at nagtalukbong siya ng damit sa kanya, at pumunta sa bukid at nanghimalay sa likuran ng mga kadalagahan para makapulot ng pagkain na sasapat para sa araw na ’yun. Tama ba? Ano ’yung ginagawa niya? Sinisikap niya na makasumpong ng kaluguran kay Boaz. Kaya nagtrabaho siya nang husto sa yugto na ’yun ng legalismo.

113 At ’yan mismo ang ginawa ng Iglesya. Naniwala Rito ang mga Lutheran at pumasok sa lupain. Pero itinuro ng Methodist ang pagpapaging banal, na sa legalistang tayo Nito, kita n’yo, “Kinakailangan n’yong gumawa ng isang bagay.” “Kinakailangan kong ihinto! Kinakailangan kong pahabain ang buhok ko,” sabi ng mga kababaihan. Hayan nga, hindi na nila ’yan ginagawa; pero kanilang—kanilang ginagawa ito noon, pinahahaba ang kanilang buhok. Kinailangan nila noon na ihinto ang paglalagay ng kolorete sa kanilang mga mukha. Hindi nila isinusuot noon ang kanilang—kanilang mga palda na mali at—at, o, maiksi gaya ng ginagawa ng iba. May bagay nga sila na ginagawa. Kita n’yo? Yun ang ginawa niya, sa estado ng pag-aaring ganap, estado ng pagpapaging banal.

114 Ngayon, noong makasumpong siya ng kaluguran kay Boaz, anong nangyari? Tapos sinabi sa kanya ni Naomi, “*Maghintay* ka rito habang ginaganap ni Boaz ang kanyang gawain bilang

isang kamag-anak na manunubos, dahil siya lang ang tanging isa na makagagawa nun. Siya ang ating malapit na kamag-anak na manunubos, at maghintay ka lang dito. Huwag ka nang magtungo sa bukid pa. Huwag mo nang gawin ang *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*. Maghintay ka lamang hanggang sa ang kamag-anakang pagtutubos ay matupad na." At siya'y *nagpahinga* nga. Amen!

115 Diyan mismo tumungo ang Iglesya sa huling yugto na ito ng Pentecostes. Kita n'yo? Sa simula ng Pentecostes silang lahat ay masigasig na masigasig at sila'y "kinailangang gawin ang *ganito*," at kanilang niliglig silang lahat. Ngayon ano na ang ginagawa ng Iglesya? Ang tunay na Iglesya'y *nagpapahinga*. Ano ang Kapahingahan? Heto nga ito, ang *Kapahingahan* ay ang "Espiritu Santo," ang araw ng *sabbath*. (Nais sa ating sabihin ng mga Seventh-Day Adventist, alam n'yo, 'yung tungkol sa ikapitong-araw na sabbath o parang ganoon.) Sa Mga Hebreo sa ika-4 na kabanata, ang sabi, "Tayo na nakapasok na sa Kanyang *Kapahingahan* ay huminto na mula sa ating mga gawa gaya ng ginawa ng Diyos mula sa Kanyang mga gawa." Kaya ang *sabbath* ay ang Espiritu Santo.

116 At noong si Ruth ay *nagpapahinga*, ito'y tipo ng Iglesya na nagpapahinga sa mga pangako ng Diyos! Taglay na natin ngayon ang katibayan ng ating kaligtasan. Hindi na natin pinag-aalala pa kung tayo ba'y makatutungo roon o hindi, tayo'y talagang tutungo! Siyanga. Diyos mismo ang nagsabi! Ipinangako 'yun ng Diyos at taglay na natin ang katibayan (Amen.), tapos nang natanggap, tinanggap na tayo ni Cristo. Wala nang paraan para makaalis mula Rito ngayon, naroon na tayo! Amen! Ang kailangan na lang nating gawin ay maghintay hanggang ang . . . Kanyang kunin . . . Siya'y naroon na ginagawa ang Kamag-anakang Pagtutubos. Taglay na natin ang katibayan nito ngayon, na hinihintay na lang ang oras na Siya'y magbabalik.

At pagkatapos ano na ang kasunod kay Ruth, si Ruth ay *ginantimpalaan*.

117 Ganyan ang ginawa ng Iglesya. Pumasok Ito sa pag-aaring ganap, sa ilalim ni Luther. Pumasok Ito sa pagpapaging banal, sa ilalim ni Wesley. Tumugaygay sa bautismo ng Espiritu Santo, sa huling mga araw. At ngayon *nagpapahinga* taglay ang katibayan ng ating mana na batid nating may bagay talaga na nangyari sa atin, lumipat na tayo mula kamatayan patungong Buhay, at naghihintay, na dumadaing kasama ng kalikasan, para sa panahon na 'yun na tatanggapin na natin ang isang imortal na Buhay, isang imortal na kapuspusan; na ang ating mga katawan ay tutubusin. Ang lahat ay tinubos, at tayo'y naghihintay na lamang sa Kanya na makabalik mula sa pintuang-bayan. Amen!

118 Pagkatapos ano? Si Ruth ay *ginantimpalaan*. Diyan nga tayo gagantimpalaan. Ito nga 'yung bagay kaya't bubuksan sa atin

itong Aklat na natatakan ng pitong-tatak. Ano ang mga bagay na ito? Ang mga ito'y hiwaga. Hindi nasusulat ang mga ito sa Salita, ang mga ito'y kailangan ihayag ng Espiritu Santo; pero kung mapapansin n'yo, kung tutuusin, ang mga ito'y nahayag sa buong bahagi ng Mga Kasulatan pero ang mga ito'y itinago mula sa mga tao. Pagdako natin doon sa balumbon maya-maya, makikita n'yo kung paano ito inayos, pagkatapos malalaman n'yo kung paano bubukas ang mga bagay na ito.

119 Ngayon, siyanga, *nagpapahinga*. Ang bagay tungkol kay Ruth sa ilalim ng pag-aaring ganap . . . Kung nakikita n'yo ito, sabihin n'yo "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Si Ruth sa ilalim ng pagpapaging banal, ay *nagpapagal*, pagiging legalista. Si Ruth, ay *nagpapahinga,* hinihintay na si Boaz ay babalik mula sa tapos nang gawa.

120 Ngayon, tinapos ng ating Boaz ang gawa na 'yun doon sa Kalbaryo. Pero bago Niya tayo kunin para dalhin sa Kanyang Tahanan, nagtungo muna Siya sa Tahanan unang-una (sa Juan 14) para ihanda ang isang dako para sa atin. Maluwalhati!

> *Huwag magulumihanan ang inyong* mga puso: kung kayo'y *magsisampalataya sa Dios, magsisampalataya naman kayo sa akin.*
>
> *Sa bahay ng aking Ama* ay *maraming tahanan: kung* di *gayon, ay sinabi ko sana sa inyo*. Subalit Ako'y *paroroon* at *ipaghahanda ko kayo ng dakong kalalagyan para sa inyo.*
>
> *At . . . muling* babalik, para *kayo'y tanggapin . . .*

121 Kita n'yo, pumunta si Boaz, anong ginawa niya? Pumunta siya, tumayo . . . tinipon ang matatanda at nagpunta sa harap ng pintuang-bayan, hinubad ang kanyang panyapak, at nagsabi, "Maalaman nga na ngayon ay aking tinutubos si Naomi at ang lahat ng mana niya." Nakuha nga niya ang Moabitang 'yun kasama nun.

122 At noong dumating si Jesus, sino ang pinuntahan Niya para tubusin? Ang Israel. Ano ang nagawa Niya sa pagkuha sa Israel? Nakuha Niya ang Nobyang Gentil. Tunay, Kanya ngang nakuha, noong tinubos Niya ang Israel. Nagtungo Siya . . . At nagtungo nga Siya sa Sariling Kanya, kasi kinailangan Niya. Ano 'yung unang bagay na kinailangang gawin Niya? Tubusin ang Sariling Kanya. At ang Iglesyang Gentil ay kapatid lamang nung babae na 'yun, ng Iglesyang Israelita. Tunay! Kaya kinailangan Niyang tubusin ang Israel para makuha *Ito*. At kinailangang tubusin ni Boaz si Naomi para makuha si Ruth, na kanyang nobya.

123 Ngayon, anong ginawa niya? Bago niya makuha siya . . . Oh, luwalhati! Whew! Anong ginawa niya? Nagtungo siya sa bukid, sa palagay ko pininturahan niya ang lahat at naglagay ng bagong mga alpombra sa sahig. Oh, siya—siya pa nga'y nagtayo ng isang bagong bahay marahil. (Sa kaso natin, isa 'yung bagong Bahay.)

At inihanda niya ang lahat na mga bagay, at pagkatapos bumalik siya na may suot na bulaklak para sa kasal. Amen!

124 Anong ginagawa ni Ruth? Wala ni isang bagay. Nagpapahinga! Naghihintay! Wala nang pagpapagal, wala nang pag-aalala!

125 "Kailangan ko bang maging isang Methodist? Kailangan ko bang umanib sa Baptist? Kailangan ko bang maging isang Presbyterian?" Hindi, po, kamtin n'yo lamang ang Espiritu Santo at magpahinga. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

> Ating hinihintay ang mabunying kaarawan ng Milenyum na parating, (Maluwalhati!)
> Kung kailan ang banal nating Panginoon ay darating at ang Nobya Niyang naghihintay ay palayong aagawin;
> Oh! Ang lupa'y humihiyaw, pumapalahaw para sa araw na 'yun ng matimyas na paglaya.

Ang lahat ng 'yun, na dumadaing ang kalikasan, ang mga dahon ng igos, ang lahat ng 'yun ay paghihintay para sa araw na 'yun ng pinagpalang paglaya, sa panahon na ang Kamag-anak na Manunubos ay babalik na at kukunin ang Kanyang Nobya.

126 Ngayon Siya'y nagpapahinga. Sa ilalim ba ng pagpapaging banal? Hindi. Sa ilalim ba ng pag-aaring ganap? Hindi. Pero sa ilalim kapwa ng *pag-aaring ganap*, *pagpapaging banal*, at papasok sa *kapahingahan*.

127 Ngayon, sa Isaias, sa ika-28 kabanata at sa ika-18 talata, ang sabi Rito:

> . . .*utos sa utos,*. . .*bilin sa bilin,*. . .*dito'y kaunti, doo'y kaunti:* manghawakang mainam sa bagay na mabuti.
>
> *Hindi kundi sa pamamagitan ng nauutal na mga labi at* iba't-ibang wika *ay sasalitain* ko *sa bayang ito.*
>
> . . .At *ito ang kapahingahan,* ito ang sabbath. . . ito 'yung panahon na ang Iglesya'y pumasok na para maghintay.

128 Tingnan n'yo kung paano tayo dumaan sa pag-aaring ganap, pagpapaging banal, tapos ngayon ay papasok sa bautismo ng Espiritu Santo: nagpapahinga, naghihintay. Ano? At ngayon, ngayon, sa pagdako natin sa mga kapahayagan na ito ay makikita n'yo kung ano ito ngayon. Kita n'yo? Kung papaanong sadyang. . .Ang mga bagay na ito ay di maituro hanggang sa araw na ito. Ang mga ito'y hindi nga, hindi maituro ang mga ito. Hindi pa bukas ang mga ito sa mga anak ng tao. Sinabi mismo ng Biblia. Maipapakita ko sa inyo rito sa Kasulatan na sinabi rito na hindi ito mabubuksan hanggang (ang mga anak ng tao),

hanggang sa araw na ito. At ngayon ay tinatapos natin ito sa mga dakilang pinagpalang mga bagay na ito. Ngayon . . . Buweno.

129 Ang ika-6 na talata . . . O bahagi ng ika-5, ang matanda sa ika-5 talata ay tama noong sabihin niya, "Narito, ang isang Cordero!" Pero, noong tumingin si Juan sa paligid, ang nakita niya ay isang Leon. Isa 'yung Leon sa halip na isang Cordero. Pero pagkatapos ano 'yun? Tapos na ang Kanyang gawa ng pamamagitan, ang pamamagitan. Siya ay . . . tapos na sa pagiging Tagapamagitan sa dulo ng kapanahunan ng Iglesya, para maging Leon ng angkan ni Juda, na ang Kanyang gawa ng pamamagitan ay tapos na. At Siya'y napaging isang Leon mismo na Tagahatol, ngayon, at kinuha Niya . . . noong kunin Niya ang Aklat mula sa kamay.

130 Ngayon, alalahanin n'yo, kapag ang isang lalaki'y magtutubos (Huwag n'yo itong kalimutan, siyanga.), kapag ang isang lalaki'y tutungo para magtubos, nagsasama siya ng mga kalalakihan at nagpupunta sila roon sa mga pintuang-bayan, kasama ang matatanda, at doon ay kanyang—kanyang—kanyang ipapahayag ang kanyang pakay kung bakit siya'y naparoon. Yun ang bagay na ginawa niya, nagtungo sa pintuang-bayan, nagsabi, "Naparito ako para ganapin sa ganang sarili ko ang pagiging isang kamag-anak na manunubos at sa mana na ito, at narito ako na pinakikilala ko ang aking sarili sa harap ng matatandang ito ng bayan." Kita n'yo?

131 At noong ang . . . Umiyak si Juan. Ngayon, ang isang tao, gaya ng nabanggit ko noong nakaraang linggo, ang sabi nila, "Umiyak si Juan dahil wala siyang masumpungan na sinumang karapat-dapat." Hindi po ganoon. Ang isang tao na nasa ilalim ng kasi ng Espiritu Santo ay hindi iiyak dahil sa ganoong bagay. Na iisipin, "Dahil di siya karapat-dapat," marahil si Juan ay di karapat-dapat. Walang karapat-dapat. Pero hindi siya umiyak dahil doon.

132 Naniniwala ako na umiiyak siya dahil sa kagalakan dahil nakita niya na ang buong plano ng pagtutubos ay nasusulat sa Aklat na 'yun. Hindi 'yun dahil sa walang sinuman ang karapat-dapat, dahil, doon nga'y nakatayo ang isang Cordero na karapat-dapat. Kaya siya'y umiiyak, doon nga'y ang sabi niya, "Oh, luwalhatiin ang Diyos!" Pakinggan n'yo siya nang direkta roon noong siya'y napasigaw mismo. Ngayon, pero heto't nasumpungan natin siya rito na umiiyak dahil siya'y nagagalak dahil kinuha ng Cordero ang Aklat para sa . . . mula sa kamay Niya na nakaupo sa Luklukan.

133 At noong gawin niya . . . Noong ang Anghel na ito, ang malakas na Anghel, ay sumigaw nang malakas "Sino ang karapat-dapat?" kanyang inaanunsyo doon mismo, kanyang inaanunsyo ang isang Kamag-anak na Manunubos. At pagdaka mismo, ang sabi niya, "Sino ang karapat-dapat na kunin

ang Aklat?" Pagkatapos may bagay. . .Pagkatapos nga'y nagsimulang umiyak si Juan. Tapos anong nangyari? Nakita niya, naroon ang Aklat. Naroon nga Ito, pero sino ang karapat-dapat?

134 Buweno, naroong nakatayo si Gabriel, mangyari nga, karapat-dapat siya; pero, kita n'yo, hindi siya tao, at siya'y isang Anghel. At doon nga'y nakatayo si Miguel, siya'y karapat-dapat; pero hindi siya isang tao, siya'y isang Anghel. Kaya kinakailangan na isa mismo na nagpaging tao sa lupa gaya natin. At pagkatapos noong makita niya ang Cordero na ito na pinaslang mula pa ng itatag ang mundo, na ito'y lumitaw, at nakita niya na Siya'y pinaslang noon pa nang itatag ang sanlibutan, pagkatapos nga'y umiyak si Juan. Amen! Dahil hayun nga 'yun, nakita niya ang buong bagay. Kita n'yo?

135 At pagkaanunsyo na pagkaanunsyo niya "Sino ang karapat-dapat?" kanya ngang inaanunsyo ang pagdating ng Kamag-anak na Manunubos. At heto Siya na tumayo, isang Cordero. At anong ginawa Niya? Naglakad dun patungo sa Luklukan kung saan naroon ang Espiritu ng Diyos, at kinuha ang Aklat mula sa kanan Niya na nakaupo sa Luklukan. At ang lahat na mga matatanda ay nagpatirapa at nagsabi, "Ikaw ay karapat-dapat dahil Ikaw ay pinatay." Kita n'yo? At pagkatapos Siya'y naging pagkatapos. . .ang Kanyang Aklat, o hayan nga ang Aklat ng pagtutubos, o—o ang Aklat ng pamamagitan sa kapanahunan ng Iglesya na natapos ito, ngayon Siya'y naging Manunubos.

136 Ngayon, ang paghahayag kung paano Niya ito ginawa ay narito sa Pitong Tatak na ito. Ngayon, napansin natin sa. . . kung papaano nga na ang Aklat ng gawang-pamamagitan Niya ay natupad, ang gawa'y natapos, ngayon sa unang tatlong kabanata ng Iglesya, ay natapos. Pero ngayon ang katubusan, ang katubusan ay ihahayag pa lang. Ano 'yun? Ngayon, noong kunin Niya ang Aklat na ito. . .Ngayon, bulayin n'yo po ito nang maigi ngayon, dahil, sa pagtugaygay natin sa mga ito sa pitong gabi, inyo ngang—inyo ngang makukuha ito ngayon.

137 Kung hindi n'yo po makuha, itaas n'yo lang ang inyong kamay, sabihin, "Hindi ko po—hindi ko po makuha," kita n'yo, tingnan n'yo, dahil nais kong makasigurado kayo ngayon.

138 Ngayon, pansinin ang "Katubusan." Pagkatapos, agad-agad matapos ang Kanyang pamamagitan para sa Iglesya, haya't Kanyang inihayag ang Kanyang Sarili bilang ang Kamag-anak na Manunubos. Nasusundan n'yo ba ngayon? At ngayon ay Kanyang ihahayag sa Iglesya kung paano Niya ito ginawa. At hayan nga na kung ang kapahayagan na ito ay nagsimula na, kung ganoon ay pinatutunayan n'yan na nasa dulo na tayo ng daan. Amen! Ngayon, tingnan n'yo mismo kung Ito ba'y. . .kung Ito'y tama o mali, sa pagtugaygay natin sa Kasulatan dito.

139 Nasumpungan natin: Ano ang inihayag? Ano ang kapahayagan ng pagkatubos, paano tayo tinubos? Tingnan n'yo nga rito sa huling ilang taon kung anong nangyari: ang kapahayagan ng Pangalan ni Jesus sa bautismo sa tubig, ang kapahayagan na walang impyerno na Walang Hanggan, hindi kailanman alam noon (na iniisip n'yo na ang inyong mga mahal sa buhay ay mapapasa-Walang Hanggan). Kita n'yo?

140 At hindi ka maaaring magkamit ng Buhay na Walang Hanggan maliban kung ligtas ka. Kung may Buhay na Walang Hanggan ka, kung ganoon ay di kayo masusunog sa impyerno nang Walang Hanggan. Paparusahan kayo dahil sa inyong mga pagkakasala sa inyong natural na buhay, pero hindi kayo maaaring magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan sa impyerno. Kung may Buhay na Walang Hanggan kayo, kung ganoon hindi kayo maaaring masunog nang magpakailanman dahil may isang anyo lamang ng Buhay na Walang Hanggan. At nakakasigurado ako na nauunawaan 'yan ng Iglesya.

141 Ngayon, ano ito? Ano pang ibang bagay? Ang plano ng pagtutubos. Tingnan n'yo nga mismo kung ano ang ibinibigay sa atin ng Espiritu Santo nito-nito lang, kita n'yo: Binhi ni Abraham, kung ano ang ibig sabihin ng kapahayagan.

142 Ang binhi ng serpiyente. Nakita n'yo itong Aklat ng Kapahayagan? Masdan n'yo pagdako natin dito, kung papaano ito inilalantad. At pinatunayan ko 'yun dito sa pamamagitan ng Kasulatan, na 'yun mismo ang Katotohanan. Bumaling ako pabalik sa Apoca-. . . o, bumaling pabalik sa Genesis at kinuha 'yun at ipinakita na noong ang tatak ay nabuksan ito'y tumutugaygay mismo sa Biblia, mula Genesis hanggang Apocalipsis.

143 Bulayin n'yo 'yun, mula Genesis hanggang Apocalipsis ay walang sinuman ang nabautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo." Isang huwad na bautismo 'yun! Tumayo ako sa harap ng mga nasa sandaang mangangaral ng malawakang asosasyon ng mga ministro ng Chicago noong isang araw, at pinatunayan 'yun na anupa't lahat sila'y nagsiiyakan. Pitumpu sa kanila ang magpapabautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

144 At ang binhi ng serpiyente'y mula pa sa Genesis! Kung ang serpiyente'y hindi . . . kung wala siyang binhi, kung ganoon si Cristo'y hindi ipinanganak; dahil sinabi Niya, "Aking ipag-aalit ang iyong Binhi at ang binhi ng serpiyente." At kung ang binhi ng serpiyente'y isang alamat lang kung ganoon si Cristo'y isang alamat din, gayon din na ang Iglesya'y isang alamat, kita n'yo lahat mismo, hindi n'yo nga puwedeng ihiwalay. Ang serpiyente'y may binhi, at 'yan 'yung nagpapatisod sa kanila. Bakit di nila ito maunawaan? Dahil wala sila nung kapahayagan ukol dito.

145 Bakit di sila lumapit at pagdiskusyunan ito sa akin? Ang pulpito'y bukas anumang oras, makikipagpulong ako sa kaninuman. Hindi ako makikipagtalo sa kanila, pero siguradong tatalakayin ko ito kasama nila, kung gustuhin nila . . . Tinanong ko na sila roon sa harap ng asosasyon. Nais kong sabihin n'yo sa akin kung saan 'yun nagkamali! Huwag kayong tatayo sa isang sulok at pag-uusapan n'yo ako, tungkol dito, lumapit kayo sa harap ko mismo at manindigan. Dapat—dapat tapatan mismo, magtagpo tayo rito at tingnan natin kung sino ang tama at mali ukol dito. Pero ayaw nilang talakayin. Sa totoo lang, alam na kasi nila. Kita n'yo?

146 Dahil, hindi ako 'yun, bagkus ang Espiritu Santo, ang mismong Anghel ng Diyos na nakikita n'yo. Paano din ang tungkol sa mga araw na ito na ang lahat ng mga bagay na 'yun ay nagaganap, at ang Anghel na ito ng Panginoon ay nakatayo sa malapit? Kung sa sarili ko lang ay di ko malalaman ang mga bagay na ito, pero ito na ang oras, heto na 'yun. Sa pagdako natin sa pitong Espiritu na ito, sa pitong sungay, at mga bagay-bagay, ngayon, kung loobin ng Panginoon, makikita n'yo kung saan 'yun naroon. Ito na—ito na ang oras na tayo'y nasa panahon na na ang mga kapahayagan na ito'y darating mismo. Ito'y ang Aklat ng mga kapahayagan, ang kahayagan ukol kay Jesus Cristo. At nasumpungan natin, sa pinaka unang kabanata mismo, Kanyang inihayag kung sino Siya. At ngayon Kanyang dinadakuan ang Pitong Tatak, inihahayag kung paano Niya tinubos ang lupa.

147 At ang isa sa mga 'yan ay sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Yung isa'y pag-aalis sa takot mula sa mga tao, tulad ng: Walang Hanggan, Walang Hanggang katubusan, pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalatya, pagpapaging banal, ang bautismo sa Espiritu Santo. At ano? Na tayo'y Walang Hanggan na ligtas na, inaalis ang lahat ng mga pag-aalinlangan mula sa mga tao. Kung kamit n'yo ang katibayan ng inyong kaligtasan, tinatakan na kayo ng Diyos hanggang sa araw ng inyong katubusan. Sinasabi ng Mga Taga-Efeso 4:30:

> . . . *huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya* kayo'y *tinatakan* hanggang *sa kaarawan ng* inyong *pagkatubos*.

148 Ngayon, paano kayo—paano kayo magba-backslide? Marahil magba-backslide kayo, pero hindi kayo mapapahamak. Kung mananatili kayo sa kalagayan na 'yun, ipinapakita lang n'yan na hindi n'yo Ito natamo sa simula pa. Pero kung ikaw ay anak ng Diyos, "Ang mananamba na nilinis na minsan ay wala nang kamalayan sa kasalanan," ang sabi sa Mga Hebreo. Totoo 'yan. Kaya hindi kayo puwedeng—hindi kayo puwedeng maging Cristiano, hindi n'yo puwedeng kamtin ang Espiritu Santo at lilipana't namumuhay sa sanlibutan. "Kung iniibig n'yo ang sanlibutan, ang mga bagay sa sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa inyo." Kaya nakikinig lang kayo sa isang huwad na

tunog kung saan, na pinamimintog lamang kayo ng diyablo. Pero kung susuriin mo ang iyong buhay sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at ipinapakita n'yan na namumuhay kayo nang sakto mismo sa mga pahina ng Biblia, kung ganoon kayo ay may Walang Hanggang kasiguraduhan.

149 At walang dapat ikatakot. Kung ano ang ipinangako ng Diyos, gagawin ito ng Diyos. Hinahamon ko ang sinumang tao na panghawakan 'yan. Panghawakan n'yo 'yan at lumakad sa Salita, at tingnan n'yo kung anong mangyayari sa inyo. Kapatid, ipangyayari Nito ang lahat ng bagay, sinabi mismo ng Diyos. Lahat ng ipinangako ng Diyos, 'yun ay mangyayari.

150 Ako . . . Yamang nabanggit ko na sa inyo na ang aking gawain mula pagsisimula, ngayon nga'y halos labing-limang taon nang lumilibot at lumilibot sa mundo, at ni minsan ay hindi Ito nabigo. Bakit? Dahil, talagang, tumindig ako sa pangako ng Diyos. Batid ko na Ito ang Katotohanan. Huwag n'yong tatangkain na ipasabi sa akin na ito'y dahil sa kung anong dakilang karunungan ko, bagkus ang Isa na ito na Siyang naghayag ng mga lihim ng puso ay ang Isa na 'yun mismo na nagpakita sa akin sa Kasulatan. Dahil hindi ko . . . noong nagpasimula akong mangaral, mga tatlumpung taon na ang nakararaan, pinauupo ko sa tabi ang kaibigan kong babae at pinababasa ang Biblia. Hindi ko nga Ito mabasa, dahil wala akong sapat na edukasyon. Kapatid na babaing Wilson, naalala mo noong binabasahan ako ni Hope ng Biblia noon, mauupo at babasahin niya Ito, at sasabihin ko, "Pakinggan n'yo ang sinasabi Nito, gawin n'yo kung ano ang sinasabi Nito. Yun lang ang bagay na masasabi ko sa inyo." At ang lahat nun ang siyang gumawa nun, hayan nga, nakamit nila ang tama. Ganoon nga. Aking—aking . . .

151 Sasabihin niya, "Iniibig ng Diyos ang sanlibutan na Kanyang ibinigay ang Kanyang bugtong na Anak."

Sasabihin ko, "Ilan ang nananampalataya Riyan?" "Basahin mo ang kasunod, mahal."

"Ibinigay ang Kanyang bugtong na Anak, na sinuman ang manampalataya sa Kanya ay may Buhay na Walang Hanggan."

Sasabihin ko, "Ilan ang sumasampalataya Riyan? Napakinggan n'yo ang sinasabi Nito." Hindi ko kasi Iyon mabasa nang sarili ko.

152 Kaya, kita n'yo, wala akong paraan noon na makapag-aral sa anumang eskuwelahan. Pero, oh, gustung-gusto ko nga ang paaralan na tinutunguhan ko! Oh, doon sa munting kuweba sa kung saan, ang aking mga kamay ay nakataas sa Diyos, nang buong araw at magdamag nang paganoon, sa oras na ang Espiritu Santo'y bumababa sa Kanyang katimyasan at magsisimulang ihayag ang Sarili Nito, at sinasabi, "*Ganito* nga *ito*, at *ganoon* naman *iyon*." At wala ni kailanman na isang tao, nilalang man na kung anong uri, na makapagpapatong ng

kanyang mga kamay sa anuman ukol Dito. At sa kabila ng lahat na mga panatisismo at lahat na mga bagay na naglipana sa bansa, inilagay Ito ng Diyos na mataas at malinis, at iminartsa Ito sa palibot at palibot ng mundo. Hallelujah! Nasa huling panahon na tayo, mga kapatid. Nandito na tayo sa huling panahon. Siyanga. “Magliliwanag sa oras ng gabi.” Yun mismo ang Kanyang sinabi.

153 Ngayon, ito’y isang Aklat ng Kapahayagan, na inihahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili. At ngayon sa pamamagitan ng dakilang mga hiwaga na ito, Kanyang inihahayag ang Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo sa bautismo, Kanyang inihahayag na walang ganoong bagay na Walang Hanggang Impyerno (hindi maaari, walang Kasulatan sa Biblia na nagsasabi na may ganoong bagay).

154 Ngayon, may impyerno, at may dagat-dagatang apoy, at kung saan ang masasama’y pinarurusahan, anupa’t sila’y tutupukin sa katapusan. Marahil sa loob ng sampung daang milyong taon, pero sa dulo’y tutupukin sila. Dahil hindi ka maaaring magtaglay ng Buhay na Walang Hanggan maliban na lang kung ligtas ka. At kung masusunog ka nang Walang Hanggan, kinakailangan may Buhay ka na Walang Hanggan. Aba’t, ipakikita nga ’yan sa inyo ng sentido komun. Kita n’yo? Paano kayo magtataglay ng Walang-. . .? Ilan ang nakakaalam na kung may Buhay na Walang Hanggan ka’y ligtas ka? Buweno, kung masusunog ka nang mapasa-Walang Hanggan, hindi ba’t may taglay kang Buhay na Walang Hanggan para mapagtanto ito? Kaya, kita n’yo, wala nga sa tamang katuwiran. Kita n’yo?

155 Ngayon, “kasiguraduhan.” Ang Kanyang mga nakilala na sa una, Kanyang tinawag; ang Kanyang mga tinawag, Kanyang inaring-ganap; ang Kanyang mga inaring-ganap, ay Kanyang niluwalhati na. Sinabi sa atin ni Pablo, sa unang kabanata ng Mga Taga-Efeso, na “ang Diyos, bago pa itatag ang mundo, ay itinalaga na tayo tungo sa pagkukupkop bilang mga anak sa pamamagitan ni Cristo Jesus.”

156 Sinasabi sa atin ni Juan dito sa Apocalipsis, na “Ang kaaway sa huling mga araw, ang relihiyosong kaaway na ’yun, ay pasasakalagitnaan ng mga tao at magkakaroon ng mga organisasyon at iba pa, at mga kulto’t iba pa,” gaya ng mayroon sila ngayon, “at dadayain ang mismong mga Hirang kung maaari, at dadayain ang *lahat* na ang pangalan ay hindi nakalagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero mula noong mismong itatag ang mundo.”

157 Kailan nailagay ang inyong pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero? Bago itatag ang sanlibutan. Kailan pinatay si Cristo, labing-siyam na raang taon ba ang nakararaan? Hindi, po. Bago pa itatag ang sanlibutan. “Ang Cordero’y pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan.”

158 Nakikita n'yo ba ang ibinubunsod nito? Ang mga tatak nga ito na nabubuksan, na unti-unting inihahayag ang plano ng pagtutubos, kung paano Niya ito isinagawa. Tapos na ang lahat ngayon, halos—halos papatapos na. Kaya narito na tayo sa huling panahon. Kaya 'yan ang dahilan kung bakit ang—ang mga bagay na 'yun ay nahahayag. Buweno.

159 Ngayon, nasa kamay ng ating Kamag-anak ang Aklat ng pagtutubos na natatakan ng pitong-tatak mula sa orihinal na May-ari. Ang orihinal na Nagmamay-ari. . .Noong mawaglit natin ito sa halamanan ng Eden, sa pamamagitan ni Adan, bumalik ito sa orihinal na Nagmamay-ari. Pero may mang-aagaw sa lupain, isang iskwater, at 'yun ay si Satanas; nagtungo siya roon, siya'y mang-aagaw. Ang lupang ito'y hindi naman sa kanya; sa Diyos ito. Pero haya't siya'y isang mang-aagaw, isang iskwater. Grabe, may bagay sana ako na nais kong sabihin ngayon, pero mas mainam na huwag na. Ang titulo ba ng ating katubusan, ay itong Aklat na natatakan ng pitong-tatak. Ito nga ang titulo. Hintayin n'yo lang kapag nakadako na tayo sa Mga Tatak!

160 Kinalagan Niya ang mga tatak, inihayag, ibinigay sa atin ang Kanyang mana para sa Kanyang mga hirang. Ibinigay Niya ang mana na Kanyang minana, sa pagiging Kamag-anak na Manunubos, at walang bayad na ibinigay ito sa atin. Ang lahat ng ito'y pagmamay-ari Niya. Siya ang Isa na Iyon na nagtubos. Pero sa halip na itago ito sa Kanyang Sarili, Kanyang ibinigay ito sa mga tao. Yun ang Kanyang pag-ibig para sa atin. Oh!

161 Si Satanas, na siyang kumamkam nito ngayon, ang iskwater, siya sa kahuli-hulihan. . .Ayaw niya itong isuko nang basta-basta, nasusumpungan natin dito kalaunan sa Mga Kasulatan, binubulay ko rito ang isa pang kabanata. At ayaw niya 'yung isuko agad-agad, haya't gusto niyang ipaglaban ito. Pero, sa dulo, kapag siya'y dalhin na sa isang pagtutuos, siya'y ibubulid sa dagat-dagatang apoy. Ganoon nga.

162 Si Jesus, ang Pangalan ni *Jesus* sa Mga Ebanghelyo'y may apat na titulo ng "Anak." Alam n'yo ba 'yun? Si Jesus ay may apat na titulo bilang *Anak* sa Ebanghelyo. Ang isa sa mga ito ay "ang Anak ni David"; ang isa sa mga ito ay "ang Anak ni Abraham"; 'yung isa, "ang Anak ng tao"; 'yung isa naman, "ang Anak ng Diyos."

163 Ngayon, masdan. Noong ang ating Kamag-anak na Manunubos ay naging si Jesus Cristo, Siya'y naging ang Anak ni David, na isang Tagapagmana ng luklukan. Maluwalhati! Minana Niya ang luklukan sa pagiging isang Anak ni David. Sinabi ng Diyos noon na hindi Niya kailanman iiwan si David, "hindi Ko iiwan si David na walang binhi." At si Cristo ay ang Anak ni David. At Siya'y naging ating Kamag-anak na Manunubos, at naghihintay, naghahanda ng isang dako kung

saan Siya'y makapaghahari kasama natin. Bilang Anak ni David Siya'y isang Tagapagmana ng luklukan.

164 Bilang Anak ni Abraham, Siya'y isang Tagapagmana ng maharlikang kaloob na 'yun. Amen. Tama ba? Siya'y isang Tagapagmana ng maharlikang kaloob (Amen!), ang Palestina't lahat ng nasa kanya, "Binhi ni Abraham." Siya'y isang Anak ni Abraham.

165 Bilang Anak ng tao, ano ang ibig sabihin ng Anak ng tao . . . Ano ang nawaglit ng tao? Nawaglit niya ang lupa. Kaya bilang Anak ng tao Siya ang Tagapagmana ng lahat ng bagay sa lupa. Lahat ng ito na Kanyang nakuha ay haya't Kanyang ibinibigay sa atin pabalik, pagkatapos Siya'y magbabalik sa kung papaano Siya noon. Siya'y . . .

166 Ngayon, heto nga, bilang Anak ng Diyos ay minana Niya ang lahat na mga bagay. Bilang Anak ni David Siya'y Tagapagmana sa luklukan, bilang Anak ni Abraham Siya'y Tagapagmana ng maharlikang kaloob, bilang Anak ng tao Siya'y Tagapagmana ng lupa, bilang Anak ng Diyos Siya'y Tagapagmana ng lahat ng mga bagay sa Langit at lupa. Oh, grabe! Yan ang ating Manunubos, ang ating Kamag-anak na Manunubos.

167 Ngayon, pansinin! Oh, talagang mainam ang hatid nito sa akin. Dito ako—ako tunay na kumukuha ng makakain. Ngayon, kalagan n'yo ang inyong mga puso sa Diyos nang ilang minuto. Pakinggan n'yo ito.

168 Si Satanas ay isang iskwater, hindi niya ito legal na pagmamay-ari, at siya'y sa dalawang libong taon ay nakikipagtalo kung kanya ba itong pagmamay-ari o may iba na pagmamay-ari ito. Pero si Cristo'y dumating bilang Kamag-anak na Manunubos at tinubos ito pabalik sa atin. Pero inaari ito ni Satanas. Pero, alam n'yo, di maglaon (kapag tapos na ang malaking pakikibaka na ito) siya'y ibubulid sa dagat-dagatang apoy. Kita n'yo? Siya'y mawawaksi na, at ang lahat ng sumasamba kasama siya. Pero ang mga tagapagmana ng kaligtasan ay lalapit kay Cristo. Ngayon, isa siyang iskwater.

169 Ngayon, alalahanin n'yo, sa Lumang Tipan, kung ang isang—isang tao'y nawaglit niya ang kanyang mana at may iskwater na ookupa ng kanyang lupain, hindi niya ito mahahawakan tungo sa kawakasan mula sa mismong may-ari nito na lagpas ng limampung taon. Pagkatapos ng limampung taon, ang taon—ang taon ng Jubileo ay darating. At sa taon ng Jubileo, kapag dumating na ang taon ng Jubileo, haya't ang lahat ng mga bagay ay bumabalik sa orihinal na pasimula nito muli. Lahat ng mga alipin, sila'y babalik sa orihinal na simula. Kung may isang lalaki na nag-aasarol ng bukid at tumunog ang pakakak at narinig niya ito, itatapon niya ang asarol at magsasabi, "Hindi na ako alipin, babalik na ako sa tahanan ko sa aking pamilya." Ang lahat ay isinasauli. Kung may iskwater sa

lupain, kinakailangan niyang umalis sa lupain. Ganoon mismo. Kinakailangan niyang umalis sa lupain dahil bakit? Babalik na ang legal na nagmamay-ari. Kinakailangan niyang isuko.

170 Hallelujah! Isa sa mga araw na ito ang mga kaharian ng mundong ito'y babagsak, at ang mga legal na nagmamay-ari'y darating isa sa mga araw na ito. Amen.

171 Ngayon, may panahon na pinagtatalunan ito. Mula noong ika-apatnapung araw, mula noong simula nung unang araw ng paglilinis ng santuwaryo, o noong si Cristo'y nagtungo sa Kalbaryo, may apatnapung araw hanggang sa pag-akyat. Pinagdedebatehan 'yun, kung makukuha ba ito ng grupo ni Satanas at sinasabi na si Jesus ay hindi bumangon mula sa patay. Nagsimula silang maglabas ng proklamasyon sa dako roon at sinasabi, ang sabi, "Ang mga alagad ay nagpunta't ninakaw Siya noong gabi." Nabasa n'yo naman ang Biblia, "At sinabi niya na 'ang Kanyang—Kanyang mga tagasunod ay nagpunta't ninakaw Siya noong gabi.' At sinuhulan nila ang mga sundalo para sabihin 'yun." Pero ang lahat ay nagtatanong noong panahon na 'yan, may tanong sa bawat isa.

172 "Buweno, kung tutuusin, baka pagmamay-ari ito ng organisasyon, hayan nga, itong buong bagay na ito'y pagmamay-ari nito."

173 Pero noong ikalimampung araw ay ang Araw ng Pentecostes, at ang legal na Nagmamay-Ari'y bumaba sa kalagitnaan nila (Hallelujah!) at ipinakita na hindi 'yun organisasyon. Na pagpupuspos 'yun ng Espiritu Santo. Na 'yun nga'y paunang katibayan ng Diyos sa Kanyang Iglesya na hindi 'yun makokontrol ng mga organisasyon at iba pa, na 'yun ang katibayan ng bautismo ng Espiritu Santo na may kalakip na kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos. Amen! Oh, hindi ba't nagbubunsod 'yan ng kung anong espesyal na bagay sa inyo? Ang legal na Nagmamay-Ari! Nasaan 'yun? Sa mga kamay ng Diyos. At sa . . .

174 Kita n'yo, hindi niya maaaring hawakan 'yun nang lampas limampung araw. Mababasa n'yo 'yun sa—sa Levitico—sa Levitico, sa mga—sa mga batas noon. Sinabi dun na hindi nila maaaring . . . ang orihinal na nagmamay-ari. Kinakailangan na babalik Ito sa mga kamay ng orihinal na nagmamay-ari matapos ang limampung taon. Alam nating lahat 'yan. Nabasa n'yo 'yan nang maraming beses na, pero . . . kita n'yo, "Kinakailangan na bumalik sa orihinal na nagmamay-ari matapos ang limampung taon."

175 Buweno, heto nga, matapos nitong limampung araw na mga taon, ang isang taon . . . ang isang araw ay nangangahulugan na parang isang taon. At mula noong araw na ang pagpapapako sa krus ay kanilang dinala . . . ang Kamag-anak na Manunubos na ito at pinatay Siya noong—noong araw ng Paskuwa, 'yun

ay pinagtatalunan noon. Naniniwala ang iglesya hanggang sa panahon na 'yun na Siya ang Kamag-anak na Manunubos, "Siya ang Manunubos." Pagkatapos anong ginawa nun? Pinatay Siya, pinatay ng kaaway, at sinabi na kinuha nila ang Kanyang katawan at itinago 'yun sa kung saan. At nagkaroon ng pagdududa ang mga tao, "Ano nga ba ang nangyari sa Kanya? Anong nangyari?"

176 Ngayon, sa dulo nung ika-limampung araw, hayan nga, kita n'yo, hindi na 'yun mapagtatalunan pa. Pagkatapos, ang Diyos. . . Sa halip na sila'y magpapatuloy—magpapatuloy sa lumang orthodox, na pormal, na malamig na iglesya; ipinadala ng Diyos ang Espiritu Santo, tinaboy lahat ng mga iskwater, at pagkatapos ay buong inokupahan ang dako. Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo'y bumaba at tinanggap ng Iglesya ang katibayan ng kaligtasan nito.

177 Ngayon, mga kapatid, hindi sa sinasaktan ko ang inyong damdamin o kung ano, kung ang organisasyon ay tama at kayo'y Katoliko lang sa pamamagitan ng organisasyon, kung kayo'y Baptist lang sa organisasyon, kayo'y ligaw. Kita n'yo, ang katibayan ng ating kaligtasan ay hindi sa pakikianib sa isang iglesya, ang katibayan ng ating kaligtasan ay hindi sa pag-anib sa kung anong organisasyon. Ang katibayan ng ating kaligtasan ay ang bautismo ng Espiritu Santo nang walang anumang organisasyon! Amen.

178 Hindi nila 'yun maaaring pigilan, pagkalampas ng ika-limampung araw, dahil 'yun ang araw ng Jubileo kung saan ang lahat ng bagay ay babalik sa orihinal na pasimula. At ang—ang kapangyarihan ng Diyos ay ibinalik sa orihinal nito, sa ika-limampung araw, ang taon ng Jubileo kapag ang lahat ng mga bagay ay naipanumbalik.

179 Ngayon, may parating na panibagong taon ng Jubileo at, 'yan, nakamit natin 'yun nang panahon na ito. Kung napansin n'yo, ang Pentecostes ay bumaba sa Amerika nang mag-lilimampung taon na, parang ganoon na panahon. Mga limampung taon ang nakararaan ang Pentecostes ay umpisang bumaba. Ngayon anong nangyayari, natatanggap na ng iglesya ang Aklat na natatatakan ng pitong-tatak tungkol sa kapahayagan ni Jesus Cristo (tungkol sa Pitong Tatak) at walang ikasampu nila ang makatatanggap Nito.

180 Pero kapag unti-unti n'yo nang makikita ang taon ng Jubileo kung saan di n'yo kailangang makipagtalo at magpupumilit at manghila gaya nito, bagkus ay matatag na tayo kay Cristo! Kamit na natin ang Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo sa bautismo. Kamit na natin itong dakilang mga hiwaga na tutugaygayin natin sa Pitong Tatak na ito, at patutunayan sa inyo na ang mga ito'y ang mga tatak na sinelyuhan sa mga mata ng mga tao. Na ang Diyos ang tagalingap ko, patutunayan

ko sa inyo na hindi nila Iyan makita-kita sa pamamagitan ng Biblia (Haya't, tunay, na kung 'yun ang sinasabi ng Biblia ay sasampalatayanan n'yo ito.), pero di nila makita-kita maliban lamang ang "Ama, Anak, at Espiritu Santo" pa rin hanggang sa panahon na ito. Hindi nila makita na walang impyernong Walang Hanggan, hanggang sa panahon na ito. Hindi nila makita na may Walang Hanggang kasiguraduhan na di-. . . ang ibig kong sabihin ay sa tunay na mananampalataya. Hayan nga't, may pangungutya ukol dito sa buong paligid, isang di-tiyak na tunog na kanilang iniihip. Yan ang dahilan kung bakit ang mga tao. . . Sinasabi nila, "Aba, tingnan n'yo sila na mga Presbyterian at iba pa, naninigarilyo, umiinom ng alak, at lahat ng kung anu-ano pa, at sinasabi na kamit nila ang Walang Hanggang kasiguraduhan." Siyanga, pero, kita n'yo, 'yan ay para —'yan ay para ilayo sila sa tunay na Trumpeta.

181 Sumpungan natin Dito at tingnan kung ang Trumpeta ba'y tumutunog, kung hindi ba ito bumabalik sa Genesis hanggang Apocalipsis, nang paroo't pabalik, kapag ang tatak na ito'y mabuksan na; kita n'yo, na ang mga bagay na ito'y nahahayag.

182 Ngayon, oh, kapatid! Sa palagay ko ako'y sadyang. . . Iiwan ko muna 'yan pansumandali hanggang sa susunod na lang na makadako ako rito. May anim na pahina pa ako rito; o—o, haya't, hindi, may gawain pa pala tayo ng pagbabautismo na susunod. Hayaan n'yong basahin ko ito, ilang mumunting bagay rito, ang taon ng Jubileo. Buweno.

183 Ngayon, kayo—kayo bang lahat ay inililista ang Mga Kasulatan? Sa Jeremias 32, at simula sa ika-6 na talata kung inyong. . . at sa pag-uwi n'yo sa inyong bahay, nais kong basahin n'yo ito. Ngayon, sa Jeremias, para ipakita sa inyo kung ano ang balumbon na ito, ipapakita ko lang. Talakayin natin ang balumbon, sige po. Siguro'y aabutin ako nang sampung minuto, tungkol sa balumbon. Ngayon, alalahanin n'yo, ang Aklat na ito'y naseselyuhan. Ngayon, ang isang aklat sa panahon ng Biblia ay hindi apat-na-kantong aklat na gaya *nito*. Aklat 'yun na katulad *nito*, aklat ang tawag dito, "isang balumbon." Ilan po ang nakakaalam n'yan? Uh-huh. Siyanga, isang balumbon. Buweno.

184 Ngayon, itong—itong Aklat na ito ay natatatakan ng pitong tatak. Ngayon, Ito ang Biblia at Ito'y natatatakan ng pitong tatak. At masdan n'yo kung paano ito isinagawa.

185 Si Jeremias, noong siya'y—noong siya'y patutungo na. . . iprinopesiya niya na siya'y bibihagin. Sa Jeremias ngayon, sa ika-32 kabanata. Siya'y bibihagin patungo sa pagkaalipin sa Babilonia, sila'y madadako roon nang pitumpung taon. Prinopesiya niya 'yun. At kayong mga nagbabasa ng Biblia'y paulit-ulit n'yo na itong nadaanan. At siya'y bibihagin dun nang pitumpung taon. At siya—siya ang pinakamalapit mismo

na kamag-anak ng kanyang pinsan na namatay na. Ang kanyang pinsan (si H-a-n-a-m, dalawang e, l) Hanameel, Hanameel, Hanameel, siya 'yung. . . kanyang pinakamalapit na kamag-anak. Mangyari nga na alam niya na—na ang mga kaaway ay aagawin ang—aagawin ang mga papeles at kung ano pa ukol sa lugar na ito, pero noong. . . Alam niya na hindi pababayaan ng Diyos ang Kanyang bayan, kaya kapag bumalik na sila, nang sa gayon ay makamit niya't siya pa rin ang maging karapat-dapat na nagmamay-ari nung mana, heto ang ginawa niya: kanya 'yung iginuhit lahat.

186 Ilan ang nakabasa na nun? Buweno, nabasa n'yo, nabasa n'yo kung ganoon. Buweno. Ngayon, kanyang kinuha at tinatakan 'yun nang kung paano mismo na ang mga balumbon na ito rito'y naselyuhan. Ito nga'y isang pinaka maganda't, katangi-tanging bagay na inyong makikita kailanman.

187 Ngayon, susubukan kong ipakita ito gamit ang kapirasong papel na ito, di ko alam kung kaya ko o hindi. Ngayon, ganito ang pagkakasulat dito, *paganito*. Ngayon, pagkatapos niya't sinelyuhan niya ito nang *paganito*, bawat isa. Ngayon, ang nangyari, sa bawat isa sa mga tatak na ito ay nakasulat sa palibot nito rito ang kanyang mana at kung ano ang nangyari, at ang lahat ng nangyari noong wala pa siya at kung paano niya 'yun namana. Ang lahat ng 'yun ay nakatatak nang paganoon.

188 Ngayon, ganyan kung paano tinatakan ng Diyos ang Kanyang Aklat na natatatakan ng pitong-tatak. Ngayon, sa Kanyang pagpilas dito, ang kapahayagan ay bumabaling pabalik nang palibot at tumutugaygay hanggang sa likod ng Aklat. Yan ang dahilan kung bakit makukuha n'yo ang Pangalan ni Jesus Cristo at matutugaygay Ito mula Genesis hanggang Apocalipsis at maipapakita na walang ganoong bagay na "Ama, Anak, at Espiritu Santo." Kita n'yo? Kita n'yo, tumutugaygay 'yun sa buong Biblia, na ito'y inihahayag Nito.

189 Tapos tutugaygay kayo halimbawa, "May impyerno na Walang Hanggan." Suriin n'yo 'yun at tutugaygayin n'yo sa buong palibot Nito; walang impyerno na Walang Hanggan dahil sa pasimula sinabi ng Diyos na ang impyerno ay *nilikha* para sa diyablo at kanyang mga anghel, para sa kanilang panghinaharap na kaparusahan. Kaya kung ang impyerno ay Walang Hanggan, paano 'yun malilikha? Ang salitang paglilikha ay di kailan. . . Ang salitang *Walang Hanggan*, "ay walang pasimula ni katapusan man." Kung ganoon may impyerno na sa tuwina kung may impyerno na *Walang Hanggan*, "may impyerno na sa parehong panahon, noong parehong panahon na may Diyos ay may impyerno na pala, bago pa nagkaroon ng anumang kasalanan ay may impyerno na." Huh! Oh, naku! Kita n'yo, hindi n'yo magagawang ganoon.

190 Kaya masdan n'yo habang ang mga bagay na ito'y inilalantad ang mga sarili nito, ito'y tutugaygay at magbubukas sa Aklat. Kaya ngayon aktuwal itong nagbibigay-larawan ng buong Biblia, at ang mga tatak na ibinunsod ang Biblia na matago mula sa mga mata ng matatalino't pantas. Ang Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay binubuksan ang mga ito nang paganito at inihahayag ang mga ito sa kabuoan ng Biblia. Maluwalhati ang Diyos!

191 Kapatid, sinasabi ko sa inyo, talagang pinaiigting n'yan ang aking—aking espirituwal na gana. Kita n'yo? Kita n'yo? Ngayon, tingnan n'yo rito! Kita n'yo, ito'y—ito'y ta-. . . parang . . . Nauunawaan n'yo ang ibig kong sabihin? Kita n'yo, heto ito, isang tatak. Ngayon, kung mamasdan n'yo at babasahin dito, dumako kayo sa Jeremias at makikita n'yo kung papaanong kanyang—kanyang—kanyang—kanyang tinatakan ito.

192 Ngayon, naroon ang Aklat, nasusulatan 'yun doon. Ngayon, noong oras na para sa unang kapahayagan, haya't Kanyang binuksan ang tatak na ito. Ngayon, masdan n'yo at tingnan n'yo kung ano ang unang tatak pagdako na natin sa Mga Tatak. Pagkatapos oras na nung ikalawang tatak, hinapak Niya ang kasunod na tatak. At alam n'yo ba kung nasaan na tayo? Halos nasa ikapitong tatak na tayo ngayon. At kapag ang ikapitong . . .

193 Noong ang unang tatak ay nabuksan, ang unang trumpeta'y tumunog at ang unang salot ay bumuhos. Noong ang ikaanim na tatak ay nabuksan, ang ikaanim ay tumunog at ang ikaanim na salot ay bumuhos. Masdan n'yo mismo, ito ang pinaka magandang bagay na makikita n'yo kailanman. At kapag tatalakayin ko na ito, kukuha ako ng malaki't, isang malaking pisara, dadalhin dito sa itaas at ituturo mismo ito rito, kaya gugugol tayo ng maraming oras sa bawat tatak at magbabalik-tanaw at titingnan 'yun sa kasaysayan at mga bagay-bagay, at patutunayan kung kailan ito nangyari, at ipakikita rito sa Biblia kung kailan Nito sinabi na ito'y mangyayari, at kung kailan ito eksaktong nangyari, ang petsa mismo't lahat na. Nakuha ko ito, amen, natanggap ko ito mula sa Kanya. Ganoon nga. Hayan ang mga tatak.

194 Ngayon, noong isulat ni Jeremias ang aklat na ito, ay natatatakan . . . Heto ang isang mainam na bagay na nais kong pansinin n'yo, lahat kayo na nabasa ito, 'yung natatatakang aklat . . . Ngayon, alalahanin n'yo, siya'y bibihagin. Kanya ngang iprinopesiya. Ngayon, hindi niya 'yun alam, sa pamamagitan lamang ng propesiya. Nasusundan n'yo ba ako? Sa pamamagitan ng propesiya'y nalaman niya, sa pamamagitan ng kapahayagan ng Diyos, na sila'y matatapon mula sa bansa na 'yun nang pitumpung taon. Naalala n'yo ba noong ipropesiya niya 'yun? Siya'y pitumpung taon, na sila'y nasa pagkaalipin. Kaya nais niyang makasigurado na ang tatak na ito (na ang kanyang mana) ay maipapanatili, dahil siya'y may isang . . . minana niya ang

mana ng kanyang pinsan. Haya't kanyang isinulat ang lahat ng 'yun, nang legal. At anong ginawa niya roon? Para hindi 'yun mabulok o mangalawang, kanyang inilagay 'yun sa loob ng panlupang sisidlan; at itinabi 'yun para hindi 'yun mabulok o mangalawang, hanggang sa maubos ang pitumpung taon.

195 Luwalhatiin ang Diyos! Umaasa ako na nakukuha n'yo 'yan! Nakikita n'yo ba ang ginawa ng Diyos? Hindi Niya Ito inihayag kailanman sa mga matatalino't pantas (para pagtalu-talunan nila Ito hanggang sa panahon na ito), bagkus ay inilagay Niya Ito sa isang panlupang Sisidlan at Kanyang nilikha Mismo ang Kanyang Sariling Anak, na si Cristo Jesus. At sa huling araw na ito ngayon ay Kanyang binubuksan ang mga tatak at ipinapakita ito sa Kanyang Iglesya. Nakatago sa panlupang Sisidlan para hindi Ito mabulok o mangalawang! Hallelujah! Oh! Alam ko na iniisip n'yo na isa akong holy-roller. Marahil ako nga. Kita n'yo? Pero heto nga Ito! Ito'y pinanatiling nakabalot sa loob ng Sisidlan na lupang tinubos mula sa lupa, bumangon noong umaga ng Pagkabuhay kung saan ang mga selyo ng kamatayan ay di na Siya kayang panatilihin pa; anupa't binasag Niya ang mga selyo na 'yun at bumangon, at pinatutunayan ang Kanyang Sarili sa huling mga araw na Siya'y nabubuhay! Siya'y nasa Kanyang Iglesya! Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. At 'yun ay itinago mula sa mga seminaryo, ito'y itinago mula sa mga organisasyon.

196 Pero sa huling mga araw na ito ay Kanyang inihahayag Ito sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Presensya sa kalagitnaan ng Kanyang mga hirang. Kumukuha Siya ng tao na Kanyang magagawa na alisin ang sanlibutan mula sa kanila at ang ganung mga bagay mula sa kanila (ang pagka-simbahan mula sa kanila), para Siya'y makapangusap sa pamamagitan nila at ihayag at buksan ang mga tatak na gaya nito na Siya Mismo. Kita n'yo? Hallelujah! Oh, hindi ba't iniibig n'yo Siya? Grabe, grabe, grabe!

197 Ang plano ng ating pagkaligtas, siya rin ngayon ay nahahayag kay Jesus Cristo. Paano Niya inihahayag sa huling mga araw na ito? Sa pamamagitan ng Kanyang pagbubukas ng tatak. Haya't, walang sinuman . . . Hindi n'yo napakinggan ito na nasulat sa buong buhay n'yo ang tungkol sa Binhi ni Abraham, kung papaanong dumaan sila sa pag-aaring ganap, pagpapaging banal, bautismo ng Espiritu Santo; kung paanong ang anghel na 'yun ay darating sa huling mga araw, na nakatalikod siya sa kongregasyon at sinasabi mismo nang eksakto kung ano ang iniisip ni Sarah sa kanyang puso sa kalooban (haya't dito lamang sa panahon na ito, siyanga, ito na ang panahon); at ang pananampalataya ni Abraham; at ang Pangalan ng Panginoong Jesus.

198 Ngayon, isang bagay rito, mayroon akong limang bagay rito na nais kong ipangusap, pansumandali, nang mabilisan lang sa abot ng makakaya ko. Tingnan n'yo. Ang pitong . . . May pitong

tatak, at may limang pito sa plano ng pagtutubos ng Diyos. *Lima* ay bilang ng "biyaya." Ilan ang nakakaalam nun? J-e-s-u-s, p-a-n-a-n-a-m-p-a-l-a-t-a-y-a, [Sa Ingles, ang "Jesus" at "pananampalataya" ay kapwa limang letra.—Tag.] lima ay bilang ng biyaya. *Anim* ay araw ng tao, at *pito* ay kanyang—kanyang araw ng pagkatubos.

199 Ngayon, masdan. Ngayon, may pitong tatak dito, o—o pitong yugto ng dakilang plano na ito ng pagtutubos. May pitong ano? Pitong tatak ng pagtutubos, pitong Espiritu ng Diyos . . . Nasumpungan natin (kung gusto n'yong tingnan kung ang sinasabi ba nito'y "Pitong Espiritu," sige't titingnan ko lang po rito pansumandali), sa ika-5 kabanata, simula sa ika-6 na talata (sa palagay ko, makikita natin dito), sa ika-6 na talata:

> *At* . . . narito, *at, nakita ko, sa gitna ng luklukan at ng apat na nilalang na buhay, at sa gitna ng matatanda, ang isang Cordero na nakatayo na wari ay pinatay, na may pitong* ulo *at pitong mata*, *na siyang pitong Espiritu ng Dios na sinugo sa buong lupa.*

200 Ano ba ang pitong Espiritu na 'yun? Ang pitong mensahero. Nariyan si San Columba, at Ireneo, at—at John Wesley, at Martin Luther, at iba pa. Kita n'yo, "ang pitong Espiritu," na pitong kalalakihan (pitong anghel), na pitong mensahe.

201 Pitong tatak, pitong Espiritu, pitong anghel, pitong sungay, at pitong iglesya. Kita n'yo, pitong pito, may limang pito, haya't, ang *pito* ay "kasakdalan," ang *lima* naman ay "biyaya," ang biyaya ng Diyos sa Kanyang Pitong Kapanahunan ng Iglesya. Ang Kanyang pitong mensaherong kalalakihan, Kanyang pitong Espiritu ng Diyos, ang pitong planadong tatak ng pagtutubos (kung saan tayo naroon ngayon), ang pitong *sungay* ay nangangahulugan na pitong "kapanahunan."

202 Dahil, ang isang *sungay* ay nangangahulugan na isang "kaharian." Naalala n'yo ba 'yung putong na nasa hayop (sungay) sa Daniel, at iba pa? Kita n'yo, ang ibig sabihin ay kaharian, o "pitong kapanahunan." At, alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus, "Ang ilan ay nangakatulog sa unang pagbabantay, na isang kapanahunan; ang isa'y sa kasunod na pagbabantay, sa kasunod na kapanahunan; kasunod; at pagkatapos kasunod; hanggang dun sa ikapitong pagbabantay. At sa ikapitong pagbabantay ang Nobyo ay darating, at lahat sila'y magigising." Naalala n'yo 'yun?

203 Kaya haya't ang pitong "kapanahunan" ay ang pitong *sungay*, at ang pitong *iglesya*, o ang "pitong pa- . . . dispensasyon ng katawan ng mga mananampalataya." Oh, ganap na ganap nga Ito. Sa Jeremias . . . Grabe, "ang Aklat," "kapanahunan," kung papaano natubos! Kung paano . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . dito mismo.

204 Ang pito at pinaka huli sa mga tatak na ito, noong mabuksan ang mga ito, matatagpuan ito sa ika-10 kabanata ng Apocalipsis, may malakas na Anghel (na si Cristo) ang bumaba at nagapak ng isang paa sa lupa at isang paa sa dagat, at itinaas ang Kanyang kamay at nagsabi, "Tapos na ang araw. Ubos na ang panahon. Tapos na ang lahat. Wala nang panahon pa."

205 At sabi Niya, "Sa pagtunog ng. . .sa panahon na ito, ang hiwaga ng Diyos ay matatapos na." Kung sino ang Diyos at kung paano Siya nahayag; paano't kailan nabuksan ang tatak, kung paano natin nasimulang maunawaan ngayon kung paanong Siya ang Anak ng Diyos, na Siya ang Diyos Mismo na nagsalaman; at ang kapahayagan kung Sino Siya; dapat matatapos 'yun bago maiapak ng Anghel na ito ang Kanyang mga paa sa lupa at sa dagat at manunumpa na "wala nang panahon na" kapag dumating na ang panahon na ito. Nasa harapang bakuran na tayo nito ngayon. Kita n'yo?

206 Ang huli nito ay nasa Apocalipsis 10 na, "Ang isang paa ay sa lupa at ang isang paa ay sa dagat," ubos na ang panahon nun, tapos na ang pagtutubos, at ngayon Siya'y dumarating bilang isang Leon. Siya'y Cordero noon, ngayon Siya'y dumarating bilang isang Leon ng angkan ni Juda.

207 Ngayon, hayaan n'yong basahin ko ang nalalabi pa rito para matalakay ko ito sa inyo dagli-dagli, at sa ika-8 talata:

> *At pagkakuha niya ng aklat, ang apat na nilalang na buhay at* ang dalawampu't-. . .*at* ang *apat at dalawangpu na matatanda ay nangagpatirapa sa harapan ng Cordero, na ang bawa't isa'y may alpa, at mga mangkok na ginto na puno ng kamangyan,*. . .na *mga panalangin* ng *mga banal.*

208 Ngayon, ito ang panahon na ang lahat ay kinakailangan na pagsamba. Ngayon, alalahanin n'yo, kung gaanong nararapat. Ngayon, huwag nating mapalampas ito ngayon. Pakinggan n'yong maigi. Kapag ang lahat na mga hiwaga ng kapanahunan ng iglesya'y tapos na, kapag ang lahat na mga hiwaga ng mga plano ng pagtutubos, na ang pitong tatak ay nabuksan na sa. . .agad-agad matapos nito ngayon, masdan, panahon na para—para ang lahat, lahat ng nasa Langit at lahat ng nasa lupa ay sasamba sa Diyos. Ngayon, masdan n'yo kung anong nangyayari. Pakinggan n'yo ang. . .haya't, pakinggan n'yo lang ito pansumandali:

> *At sila'y nangagaawitan ng isang bagong awit, na nagsasabi, Ikaw ang karapatdapat*. . .

209 Pakinggan n'yo grabeng pagsamba ito! Ang mga matatanda, mga nilalang, ang lahat ay nagpatirapa sa harapan Niya, kita n'yo, nang gaya nun, noong Kanyang gawin ang Kanyang kumpletong plano. Panahon na para sumamba ngayon, kita n'yo:

*At sila'y* nagsiawitan *ng isang bagong awit, na nagsasabi, Ikaw ang karapatdapat na kumuha ng aklat, at magbukas ng mga tatak nito: sapagka't ikaw ay pinatay, at* binili *kami para sa Dios ng iyong dugo ang mga tao sa bawa't angkan,. . .wika, at bayan, at bansa;*

*At sila'y* Iyong *ginawang kaharian at mga saserdote sa aming Dios: at sila'y nangaghahari sa ibabaw ng lupa.* (Pakinggan n'yo, silang mga tinubos na kaluluwa'y sumisigaw roon. Hmm!)

*At nakita ko, at narinig ko* ang *tinig ng maraming mga anghel* sa palibot *ng luklukan at ng mga nilalang na buhay at ng matatanda: at ang bilang nila ay sangpung* libong *tigsasangpung* libo, *at libolibo;* (Ang lahat sa Langit ay sinasamba ang Cordero na ito, kita n'yo.)

*Na nangagsasabi ng malakas na tinig, Karapatdapat ang Cordero* (Hallelujah! Hallelujah!) *na pinatay upang tumanggap ng kapangyarihan, at kayamanan, at karunungan, at kalakasan, at kapurihan, at kaluwalhatian, at pagpapala.*

210 Pakinggan n'yo, "At ang bawat nilalang!" Pakinggan n'yo ang ginawa ni Juan:

*At ang bawa't bagay na nilalang na nasa langit at nasa ibabaw. . .ng lupa, at nasa* ilalim *ng lupa, at nasa ibabaw ng dagat, at lahat ng mga bagay* na *nasa mga ito, ay narinig ko* (si Juan) *na nangagsasabi,* Mga pagpapala,. . .*kapurihan,. . .kaluwalhatian,. . . kapangyarihan, ay mapasa kaniya na* nakaupo *sa luklukan, at* sa *Cordero magpakailan kailan man.*

211 Si Juan ay tunay na nakaranas ng isang Pentecostes sa sarili niya roon. Ang sabi niya, "Bawat nilalang sa Langit, bawat nilalang sa lupa, bawat nilalang sa ilalim ng lupa, bawat nilalang na nasa dagat, ay narinig ako na nagsasabi, 'Amen, kaluwalhatian, karangalan, kapangyarihan, at mga pagpapala, ay mapasa Kanya na nakaupo sa Luklukan, ang Cordero na 'yun.'"

212 Panahon ng pagsamba! Amen! "Paano nila ginawa 'yun?" Heto ang Kanyang Salita, inyong. . . lahat sila'y narinig ito.

*At ang apat na nilalang na buhay ay nagsabi, Siya nawa.* Tama ka, Juan, sadyang sumigaw ka't purihin Siya nang malakas sa abot ng makakaya mo. Ito. . .

. . .*narinig* akong *nangagsasabi,* Mga pagpapala, Amen, *kaluwalhatian,* karunungan, *kapangyarihan,* at kalakasan. . .

. . .*At ang apat at dalawangpung matatanda ay nangagpatirapa at nangagsisamba* sa nakaupo. . .*na nabubuhay magpakailan* kailan *man.*

213 Grabeng gandang salaysay! Ngayon, wala na akong oras. May naisulat ako rito, na ilang konteksto ukol dito, pero sa ating susunod na pagtitipon bago tayo makadako rito. . .Marahil kapag nanggaling na ako sa aking bakasyon o sa ibang panahon, nais kong dakuan itong pitumpung sanlinggo ni Daniel at idudugtong ito rito, at ipapakita ito kung saan nito ito dinadala patungo sa Pentecostal na Jubileo, at dadalhin ito pabalik doon sa pitong sa-. . .pitong tatak na bubuksan dito bago tayo umalis, at ipapakita na ito'y nasa katapusan na, itong mga . . .

214 Ang Cordero, ang Mesiyas, ang Prinsipe ay darating at dapat na pitumpung sanlinggo ('yan po'y pitong taon) na iprinopesiya sa Kanyang bayan. At ang Prinsipe'y mapuputol sa gitna, 'yan nga'y tatlo at kalahati, ang kalahati ng pito ay tatlo at kalahati, tapos mapuputol. At ang araw-araw na pag-aalay ay aalisin; at ang kasuklam-suklam na paglapastangan (yaong Moslem ng Omar na nakatayo sa bakuran ng templo't noong araw na sunugin nila ang templo), at pagkatapos may tatlo at kalahating taon na natitira sa Israel.

215 At dumating si Cristo at nangaral at nagpropesiya nang eksaktong tatlo at kalahating taon, at ang araw-araw na pag-aalay ay inalis, ang lahat ng bagay ay sadyang ganap mismo. At ang Moslem ng Omar ay naroon mismo. . .na itinayo sa parehong bakuran at nakatayo roon hanggang sa araw na ito. At yuyurakan nila ang mga pader ng Jerusalem hanggang sa ang dispensasyon ng Gentil ay matapos, na ang Iglesya ay kinuha na paitaas (ang mga Hirang, ang Nobya) palayo sa dako na 'yun doon.

216 Tapos ang dalawang propeta, sina Elias at Moises, babaling sa Israel para sa kanilang natitira pang dalawa't isang—dalawa't kalahating taon. . .tatlo at kalahating taon. Pinaka magandang bagay nga 'yun kapag nakita n'yo na itong nailantad.

217 Iniibig n'yo ba Siya? Nang buong puso n'yo? Nauunawaan n'yo na ba ngayon kung ano ang Aklat na natatatakan ng pitong-tatak? Kung ano Ito: nalaman natin Ito, "sa isang balumbon," ngayon. At alalahanin n'yo mismo, na dito mismo sa huling mga araw na ito. . .Itinago ito sa isang panlupang Sisidlan. Nauunawaan n'yo na ba ngayon? At Sino ang panlupang Sisidlan na 'yun? Si Jesus Cristo. Walang tao ang may taglay Nito, walang may taglay Nito, ito'y sa pamamagitan lamang Niya. Hindi nga ito nakasulat sa Salita. Kung Ito ma'y nakasulat sa Salita, ito'y nakatago na hindi n'yo Ito masusumpungan. Ganoon nga. Kaya sa Kanya Ito nahayag, at sa loob ng panlupang Sisidlan para hindi Ito mabulok o mangalawang.

218 At kapag Siya'y darating at hahatakin na 'yung isa nun para sa Kanyang Iglesya, at ang sabi, "Kita n'yo, Ako'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kita n'yo? Kita n'yo? Ngayon, sa tuwina'y iniisip n'yo kung ang—kung ang

kaawa-awang makasalanan ba ay masusunog nang Walang Hanggan o kung siya ba'y malilipol matapos ang isang milyong taon. Heto nga ito. Ganito ito. Walang ganoong bagay na impyernong Walang Hanggan. Hindi maaaring maging Walang Hanggan, dahil Ako...ang impyerno ay wala sa Akin noong Ako'y magpasimula roon. Nilikha Ko ito para parusahan ang masasama. Kita n'yo? Ano ang lubos n'yong ikinatatakot, kita n'yo, tungkol ba sa Binhi ni Abraham at lahat ng iba't ibang mga bagay na ito? Sadyang..." Yan lang—'yan lang ang balangkas nito, kita n'yo, pero kapag mauunawaan n'yo sa kung paano binuksan ng Diyos ang mga tatak na 'yun, at ipinapakita ito, tutugaygay dun; makikita n'yo, kapag maunawaan n'yo, kung ganoon hindi kayo makaaalis mula sa Aklat na ito. Ang mga tatak na ito...

219 Sasabihin n'yo, "Oh, iba ang ibig sabihin ng tatak, Kapatid na Branham."

220 Sandali lang po! Kailangan nitong tumugma Dito, dahil ito'y natatatakan sa likod nito para ihayag Ito. Ito'y...Ano ito? Ano ito? Heto, gaya rito, ni Jeremias. Sasabihin n'yo may *ganito-at-ganoong* bagay na nangyari; hihilahin n'yo *ito* palabas, heto nga 'yung kung ano ito. Buweno. Pipilasin n'yo *'yun* at titingnan n'yo sa likod dito, heto 'yung mababasa kung anong nangyari. Buweno. Pilasin n'yo *'yun* dito, titingnan dito, at 'yun nga pala ang nangyari. Kita n'yo, ganoon din 'yun sa Aklat na ito, kita n'yo, doon sa likod na bahagi nito.

221 Sasabihin nila, "Buweno, hindi ko maintindihan. Sinasabi ng ilan, 'Ama, Anak,' at ang ilan, 'Espiritu Santo,' at may ilan na nagsasabi, 'Pangalan ni Jesus,' 'yun na lahat 'yun."

222 Ito'y itinago sa lahat na ng mga taong ito. Pero ngayon heto siya, binubuklat na ito sa pagkakabalumbon, nanunumbalik para ipakita na may nag-iisa lang na Diyos. Kailanman ay anupa't isang Diyos lang. Totoo 'yan. At ang Kanyang Pangalan...

223 Katulad sa Aklat ni Mateo, 28:19, "Humayo kayo, at turuan ang lahat na mga bansa, bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo," at ang Ama ay hindi isang pangalan, ang Anak ay hindi isang pangalan, at ang Espiritu Santo ay hindi isang pangalan. Ngayon, paano n'yo sila babautismuhan? Alin sa mga pangalan na 'yun kayo magbabautismo, gayong wala sa mga 'yan ay pangalan? Kung gayon ano? Hindi kayo magbabautismo sa kung ano na lang na pangalan, hayan nga. Yan nga'y Eskuwelahan ng Mga Propeta muli, kita n'yo.

224 Pagkatapos babaling kayo pabalik dito, at dadalhin n'yo rito at titingnan uli at babalik sa Mateo 1, anong ginawa Niya? Tutugaygayin 'yun pabalik at titingnan uli dito:

> *Ngayon ang pagkapanganak nga kay Jesucristo ay ganito:* (Hindi tatlong Diyos, hayan nga, kita

n'yo.) *Nang . . . ang kaniyang ina . . . ay magaasawa kay Jose, bago sila magsama, ay nasumpungang siya* ay *nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo.* (Hindi Diyos Ama; "ang Espiritu Santo." Huh?)

*. . . nangyari ang lahat ng mga ito, upang . . .*

At *si Jose na kaniyang asawa, . . . palibhasa'y lalaking matuwid, . . . ayaw na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim.*

*. . . sa mga bagay na ito, . . . pinagiisip niya ito . . . narito, ang isang anghel ng Panginoon ay napakita* sa *kaniya sa panaginip, na nagsasabi, Jose, anak ni David, huwag kang mangamba . . . sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa . . .* (Diyos Ama ba?) *. . . Espiritu Santo.*

225 Akala ko ba, "ang Diyos Ama ang Kanyang ama." Sinasabi ko po ito dahil kasunod na ang pagbabautismo. Kita n'yo? Akala ko ba, "ang Diyos Ama ang Kanyang ama." Ngayon, alinman na ang Espiritu Santo at ang Diyos Ama ay Iisa lang, o Siya'y may dalawang ama; kung ganoon Siya'y isang anak sa labas, at kung ganoon anong klaseng Diyos ang mayroon tayo? Hmm? Kita n'yo?

At *nangyari nga . . . ang lahat . . . ng ito, upang maganap . . . ang sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, . . .*

*. . . isang dalaga'y* magdadalang-tao, *at* manganganak *ng isang lalake, . . . ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay* Jesus, . . . (Tama ba?) . . . At ang pangalang itatawag nila sa Kanya ay *Emmanuel, na . . . liliwanagin, ay sumasa atin ang Dios.*

226 Ngayon, kita n'yo, noong hatakin Niya ang tatak, ano 'yung buong bagay mula sa unang kabanata ng Mateo (kung balikan mo)? Haya't, si Jesus Cristo nga. Yan mismo ang sinabi ni Pedro noong Araw ng Pentecostes. Yun ang sinabi ng lahat sa kanila.

227 Mangyari nga, na ang grupo na ito ng mga Romano'y dumating at nagsabi, "Oh, hindi! Tatlo ang Diyos namin. Mayroon kaming . . . " Mayroon nga silang sampung libo ng mga 'yun ngayon: may mga Maria at mga Santa Cecilia, at San Marcos, at Santo *Ganito-at-ganoon.* At sa palagay ko nga may limang daan at sobra pa dun sa Mexico City. Isang babae ang pinatay matagal nang panahon ng ilan sa kanyang mga kasintahan, at pinagaway-awayan nila siya at kanilang napatay siya, kaya ginawa nila siyang isang santa, at ang mga tao'y humihingi ng kapatawaran sa kanya, at lahat na na tulad nun. Espirituwalismo!

228 At heto ang iglesyang Protestante na dumating na dala-dala ang tinatawag nilang Credo de los Apostoles,

"Sumasampalataya ako sa Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat, tagapangalaga ng kalangitan at lupa, at ng—at ng iglesyang Santo Romano Katoliko. At sumasampalataya ako sa pamamagitan ng mga santo, komunyon ng mga santo." Mga Protestante na sinasabi 'yan sa ilalim ng panunumpa sa Diyos, na siya'y naniniwala raw sa komunyon ng mga santo. Espirituwalismo 'yan! Kita n'yo? Tapos ipinagpatuloy 'yun at ginagawa 'yun, tunay, na dahil sinabi raw ng iglesya. (Oh Diyos, talagang nagagalak ako na nalaman ko ang bagay na nalaman ko! Ikinagagalak ko nang lubos na nalaman ko ang bagay na nalaman ko!) Hindi nila namamalayan na siniselyuhan nila ang kanilang sarili palayo sa Diyos, patungo sa malayong kadiliman. At hindi n'yo 'yun masabi sa kanila, dahil di nila 'yun ganap na makita-kita.

229 Nais kong itanong. . . wala kasing dapat magsabi nito. May labing-lima o dalawampung tao, na nakaupo rito, ang may sala na iniisip na ako raw si Jesus Cristo. Paano nilang naiisip 'yun? Pagagalitan ko na sana sila hanggang sa malaman ko na sinabi sa akin ng Diyos na "isa 'yung espiritu." At ang mga kalalakihan na ito, ang sabi ko. . . At sila na mga kalalakihan ay naniwala sa akin, bawat salita. Sabi ko, "*Paano* ang paniwala n'yo sa akin kung ganoon, kung sasaysayin ko sa inyo?" Pagkatapos dumako kami sa Salita, tapos unti-unti nilang nakikita, sabi, "Buweno, tunay nga, hindi kami naniwala sa'yo o disin sana'y nakinig kami sa sinabi mo." Nakita n'yo roon?

230 Pero talagang inisip nga nila na tama sila, nang may sinseridad. Kita n'yo? At kapag ang isa sa mga espiritu na 'yan ay dadako sa inyo, na mayroon nun, kita n'yo, ganap n'yo ngang paniniwalaan 'yan. Hindi ko alintana, inyong. . . walang sinuman ang makapagsasabi sa inyo ng anumang iba. Kita n'yo? Kahit na gaano pa ang sabihin ng Salita na ganito-ganoon, buweno, hinding-hindi n'yo nga Ito sasampalatayanan ano't anuman; magpapatuloy pa rin kayo. "Kung gusto n'yong maging ganoon, sige, basta't ako'y magpapatuloy sa pamamaraan ko." Kita n'yo, ipinapakita n'yan na pinahiran kayo na may maling espiritu.

231 Ang Espiritu ng Diyos sa tuwina'y. . . Buweno, sasabihin n'yo, "Paano naman ikaw, Kapatid na Branham?"

232 Hinihiling ko sa sinuman. . . Handa ako sa tuwina kung may sinuman na magpapakita sa akin kung ano ang tama at mali, pero kinakailangan na Salita. Hindi puwedeng sabi-sabi. . . Kinakailangan na manggaling sa Salita! Kaya haya't diyan nabuksan ang mga tatak. At huwag na huwag kayong mag-aalala, kung ito'y isang tatak ihahayag nito ang sarili nito mula Genesis hanggang Apocalipsis. Kaya hayan ang mga tatak. Hindi ba't iniibig n'yo Siya?

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

233 Iyuko po natin ang ating ulo. Ilan dito ang hindi pa nakikilala Siya bilang inyong Tagapagligtas, na nagnanais na ideklara Siya sa inyong puso? Alam n'yo, naniniwala ako sa pagtatawag sa pagdulog sa altar, akin mismo itong pinaniniwalaan. Mainam ito. Pero sa Biblia hindi sila kailanman nagtungo sa altar para maligtas, kanilang sinampalatayanan lamang Ito sa kanilang puso at tinanggap Ito. Ilan sa inyo ang dudulog sa pamamaraan ng Biblia, "Kung gaanong karami ang sumampalataya'y nagpabautismo"? Ilan po ang sumasampalataya ngayon, na hindi pa ito nagagawa noon pero nais n'yong ihayag mismo sa publiko na kayo'y "mali" sa inyong mga gawa, at nais n'yong tanggapin si Jesus bilang inyong Tagapagligtas? Maaari n'yo bang itaas ang inyong mga kamay habang nakayuko ang inyong mga ulo, sabihin, "Aking . . . "

234 Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, ikaw. Pagpalain ka ng Diyos, diyan sa likod. Pagpalain ka ng Diyos, ikaw. Pagpalain ka ng Diyos, diyan sa likod. "Ako ngayon ay sumasampalataya." Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ng Diyos ang lalaki riyan sa likod. Ngayon, alalahanin n'yo, hindi *rito* kundi sa inyong puso, sa Diyos, kayo'y naghahayag sa publiko, "Panginoon, batid ko na kami'y nasa huling panahon na. Ako'y tapos na."

235 Noong isang araw kausap ko ang isang munting kaibigan ko rito sa bayan, si Doktor Sam Adair. Nakaupo kami sa opisina. Sabi ko, "Sam, medyo may hangin sa loob ko."

Sabi, "Paano mo nalaman na hangin? Banda ba sa puso mo?"

Tapos sabi ko, "Oo."

236 Sabi, "Baka thrombo lang 'yan sa puso—puso—sa puso—sakit sa puso—sakit sa puso." Sabi . . . (Paumanhin po.) Sabi, "Marahil sakit 'yan sa puso."

237 Sabi, "Ngayon, paano mo nalaman na naroon 'yun?" Sabi niya, "Hayaan mong masuri kita."

Sinuri niya ako, sabi, "Hindi, walang anumang suliranin sa iyo."

238 Sabi ko, "Sam, kapag ito dumating na . . . " Limampu't dalawang taong gulang na ako, at si Sam ay matanda lang sa akin nang kaunti. Sabi ko, "Kapag dumating na ito, Sam, lahat nitong tatlumpung taon na inilaan ko sa pagsisikap na maibunsod ang mga tao na manampalataya kay Jesus Cristo, at ang Isang 'yun na iniibig ko at pinagpagalan ko sa buong panahon na ito; walang diperensya sa akin kapag Siya'y dumating na, ako'y uuwi na sa Tahanan."

239 Sabi niya, "Billy, alam mo ba, kung saan ang pinaka mainam ko? Ay kapag nakagagawa ako ng isang bagay para sa ibang tao."

Sabi ko, "Isang tunay na buhay 'yan."

240 Kung mayroon kang mana rito sa mundong ito, kaibigan, mana 'yan na nasisira. Pero tumanggap tayo ng mana na hindi lumilipas. Ang alibughang anak ay umalis at iniwan ang kanyang mana, at kinuha niya ang bahagi nun sa pag-alis niya. Noong siya'y bumalik, ang mana niya—ang mana niya'y nadungisan. Pero kung tinakbuhan n'yo na ang inyo, hindi ganoon ito sa Kaharian ng Diyos, ang tinanggap natin ay mana na di-nasisira. Gusto n'yo bang tanggapin Ito? May nasa labing-lima ang nagtaas ng kanilang mga kamay, mga makasalanan na nagnanais na makatanggap ng kanilang mana sa umagang ito. Mayroon pa bang isa bago tayo manalangin? Sige.

Nang marahan ngayon:

I love Him, I . . .

Magpasya na kayo ngayon. Kung pakiramdam n'yo ay dapat n'yong gawin, ito na ang oras.

Because He first loved me
And purchased my salvation
On . . . (Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos . . . ? . . . )

241 Makalangit na Ama, sa kataimtiman ng sandaling ito, idinudulog namin sa Iyo ang mga takapakinig na ito, sa ilalim ng isang humihinang kalagayan sa umagang ito, Panginoon, na sinisikap na maihatid ang Mensaheng ito sa mga tao dahil mahal ko sila. Nais kong mapakinggan nila Ito, Panginoon. Nais ko na sila'y maiangkla. Nais kong malaman nila na ang lahat ng mga bagay na ito na napangyari sa huling ilang taon ay hindi nagkataon lang, ito'y sa gana Mo, Panginoon. Ito'y sa gana Mo na nagbubukas sa mga bagay na ito. At, Oh Diyos, nararamdaman naming lahat 'yan na may dakilang Jubileo na nasa harapan namin.

242 Dinadalangin ko po ang mga nagsipagtaas ng kanilang mga kamay. Batid nila na sila'y mali, Panginoon. Maraming mumunting bagay . . . Marahil may namamana silang kaunting pera mula kaninuman, pero anong idinulot nun? Hindi nila alam kung saan na 'yun napunta, kaunti na lang ang natira, dahil mana 'yun na nasisira. At kung iiwan man nila 'yun para sa iba, 'yun nga'y masisira lang uli.

243 Pero kamit namin ang mana na di-nasisira, 'yun ay, kaligtasan, katubusan, pagbabalik muli sa halamanan ng Eden. Sa pagbubulay nito, Panginoon, sinong hindi magnanais na makabalik na maging tulad ni Adan at Eba noon at mamuhay roon? Ang aming pagkain ay inilaan araw-araw;

isang Makalangit na Ama ang laging kasama sa daan na nakikipag-usap sa amin; makikita ang dakilang Liwanag na 'yun na naglalakad sa harapan namin. Ang leon at ang lobo'y nanginginain na magkasama, ang baka'y kumakain ng dayami, ang leon ay kumakain kasama niya; gayong ngayon ay nagkakainan sila sa isa't isa, o kinakain ng leon ang baka, at kinakain ng lobo ang baka, anuman na maaari niyang kainin. Pero ang mga araw na 'yun ay hindi na magiging ganoon. Ang naglalakihan at naggagandahang mga ibon ay lumilipad dun. Wala nang kalungkutan. Wala nang palatandaan na lumampas na kami sa aming mga pag-asa. Doon sa daanan ay makikita namin ang aming mga anak, ang aming mga mahal sa buhay. Oh Diyos, grabeng araw 'yan! Napakagandang araw 'yan! Kahit na ano pa ang matanggap namin dito sa lupa, ito—itong—itong lahat ay lilipas, pero hindi Iyon lilipas.

244 Diyos, marahil hindi ko na kailanman makakausap ang mga taong ito na nagtaas ng kanilang mga kamay, dito sa lupang ito. Hindi ko po alam. Umaasa ako na magagawa ko pa rin. Pero kung hindi na, kung ganoon, Panginoon, Iyong ibunsod na makatagpo ko sila sa daanan doon. Marahil magsasabi sila ng bagay na parang ganito, "Kapatid na Branham, naalala mo ba noon sa lupa bago mangyari ang dakilang bagay na ito, isang umaga noon nangungusap ka tungkol sa—sa pagbubukas ng mga tatak na itinago sa panlupang Sisidlan? Yun 'yung panahon na Siya'y dumating sa panlupa kong sisidlan, isa ako sa nagtaas ng kamay noong umaga na 'yun. Oh, ako'y galak na galak na naroon ako."

245 Sasabihin ko, "Kapatid na lalaki, kapatid na babae, nagagalak din ako nang lubos na naroon din ako, siyanga. Ngayon tayo'y magkakaroon na ng pagbubuklod na magkakasama sa lahat ng mga kapanahunan."

246 Iyo pong pagpalain sila, Ama, sila'y sa Iyo. Ang sabi Mo, "Walang sinuman ang makalalapit sa Akin maliban na palapitin siya ng Ama. At ang lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama ay lalapit, wala ni isa sa kanila ang mawawaglit." Kaya kami'y—kami'y malaki ang pasasalamat, Ama, para dun. Nawa sila'y lumapit na ngayon at tanggapin ang katibayan ng kanilang pagkaligtas, hindi para umanib sa isang iglesya. Anupa't ang katibayan ay hindi ang pag-anib sa iglesya kundi ang isang bagong Kapanganakan, para tanggapin ang Espiritu Santo. Nawa'y tanggapin Ka nila, Ama. Sapagkat inilalagak namin ito sa Iyong mga kamay, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

247 Para sa mga panyong ito: Panginoong Jesus, ipinapanalangin ko ang mga panyo na ito; at hinihiling na Iyong pagpalain ang lahat ng nangangailangan, lahat ng narito, Panginoon, ang kaawa-awang babae na ito na nakaupo rito sa silyang de gulong.

248 Matapos ang dakilang pagtitipon na ito sa umagang ito, Ama, na nararamdaman ang Iyong Espiritu Santo na binababad kaming lahat, nararamdaman ang Salita na pumapailalim at nag-uugat sa mga puso ng mga tao. Hinding-hindi nila ito makakalimutan, Panginoon. Sa tuwina kapag napapakinggan nila ang mga bagay na ito ay iisipin nila ang mga tatak na nabubuksan. Ngayon, Iyo pong tulungan kami na malaman kung ano ang mga tatak na 'yun, Panginoon, para ang bawat isa'y hindi magulumihanan sa kanyang isip, kundi kanyang maalaman mula sa "GANITO ANG SABI NG PANGINOON" na 'yun ay tatak ng Diyos, ang mga tatak na inilantad sa amin ng Diyos.

249 Dalangin namin na Iyong pagagalingin ang lahat ng maysakit at nagdadalamhati. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Narito ang Iyong Espiritu. Kung nagagawa Mong iligtas ang isang makasalanan sa likod ng gusali, magagawa Mo ring pagalingin ang isang taong may sakit doon, din. Dalangin ko na Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, at pagalingin sila na mga nirerepresenta ng mga panyo na mga hindi makaparito sa araw na ito. Itinatagubilin namin ang lahat sa Iyo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Amen.

250 Sa palagay ko may munting sanggol sila rito na nais maihandog. Yun ba siya ang babae na karga-karga ang kanyang munting sanggol? Dadalhin niya na ba dito sa sandaling ito? Ikinagagalak natin na maihandog ang munting bata. Hindi, medyo hindi na kailangan, lumapit ka lang. (Ang ilan sa mga matatanda'y lumapit lang at tumayo sa tabi ko kung magagawa n'yo sa sandaling ito.) Ilang taon? Dalawa at kalahating taon. Anong pangalan niya? Scott? Scott Ford, munting Scott Ford, apat at kalahating taong gulang, na nais maihandog sa umagang ito sa kanyang Panginoon at Tagapagligtas, na si Jesus Cristo. Dinadala siya ng nanay niya. (Diretso lang, umabante ka lang, kapatid.)

251 Mapagbiyayang Panginoon, inilalapit namin sa Iyo ang munting bata na ito sa umagang ito, para maihandog. Ipinapatong ang aming mga kamay sa munting sanggol, sa munting batang lalaki, at hinihiling na ang kapangyarihan na nagbangon kay Jesus mula sa libingan ay bibigyang-sigla ang munting bata na ito. Diyos, nawa siya'y mabuhay na malusog at malakas. Nawa siya'y mamuhay, Panginoon, sa Iyong kaluwalhatian. Ganoon na lamang na Ikaw ay naglaan na ng tulong para sa sanggol na ito, at amin Kang pinasasalamatan para rito. At dalangin namin na Iyong tuluy-tuloy na samahan ang munting bata na ito. Samahan Mo ang kanyang mga magulang, ang kanyang mga mahal sa buhay. Nawa. . . batid namin at tinuruan kami na lahat ng mga bagay ay nagkakalakip-lakip na kumikilos para sa ikabubuti nila na mga umiibig sa Panginoon. Kung paano nga na ang mga bagay na ito'y

lalo pang pinalalapit ang mga tao sa Iyo. Dalangin ko na Iyong ipagkakaloob ang mga pagpapala na aming hinihiling. At ngayon, Ama, sa pagtalima sa Iyong Salita, aming itinatagubilin ang munting batang lalaki na ito sa Iyo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Nawa'y tanggapin Mo ang kanyang munting espiritu, kaluluwa, at katawan, at gamitin siya para sa Iyong kaluwalhatian. Amen.

252 Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos, munting Scott. Talagang pinasasalamatan natin ang Panginoon para riyan!

253 Ngayon, sino ang magpapabautismo? May grupo ng mga tao na magpapabautismo, sa palagay ko. Habang inihahanda natin 'yan, umawit tayo. . . Sasabihin ko sa inyo kung ano ang maaari nating gawin, umawit tayo. . . Sige't ibibigay ko kay Kapatid na Neville para gawin ito. Alam ko na magiging mainam kung ganoon nga. Sige, po, Kapatid na Neville.

254 Kung iniibig n'yo ang Panginoon, sabihin n'yo "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Maaari n'yo ba akong ipanalangin? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."] Amen.

*Apocalipsis, Ikalimang Kabanata Bahagi II* TAG61-0618
(Revelation, Chapter Five Part II)
Serye ng Ang Kapahayagan Ukol Kay Jesus Cristo

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hunyo 18, 1961, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org